



Isang aklat ng magagandang kuwento ang Mga Hukom para sa atin: sina Debora, Gideon, Samson, Delila, si Yefte at ang kanyang anak na babae, at huwag nating kalimutan sa huling bahagi ang babaeng pinagputol-putol, ang paring bumawi sa pamamagitan ng mga diyus-diyusan ng kanyang tagapagtaguyod. Ang mga salaysay na ito na ipinasa bilang mga popular na kuwento ay nagsisilbing isinalarawang kasaysayan ng isang panahon na bagamat mahalaga ay hindi tanyag. Paano nanirahan bilang mga simpleng magsasaka ang mga lagalag na Hebreong pumasok sa Palestina pagkamatay ni Moises? At paano nila naingatan ang kanilang pagkakangilanlan bilang bayang hinirang ng Diyos?

Talagang kaakit-akit ang mayayamang kapatagan ng lupain ng Kanaan; gayundin ang relihiyon nito – malapit sa kalikasan at panatag na tinatanggap ang kalayaang sekswal. Madaling nakibagay ang mga dayuhan sa kanilang bagong kapaligiran sa lupain. Anong nangyayari sa dinakikipagkompromisong relihiyon ng di-nakikitang Diyos? Panahon ito ng kadiliman kahit paano tingnan, na maipapalagay na ang apoy ng Bundok Sinai ay tuluyang namatay.

Ang mga Tagapagpalaya

Ang nagliligtas sa kinabukasan ng mga tribu ng Israel, una sa lahat, ay ang pananalakay ng marami sa kanila (nasa isip natin ang tribu ng Efraim na ang mga kabayanihan nito ay isinasalaysay sa aklat ni Josue); ang isa pang dahilan ay ang panganib na malimit nilang hinaharap sa kamay ng mga mandarambong at iba pang mga lagalag mula sa disyerto na gustong umagaw sa kanilang puwesto. Nananatili silang tapat kay Yawe, sa pagdanas nila sa maraming pagkakataon ng kanyang pagliligtas.

Sa kanilang mga kahirapan, ang mga Israelitang di-organizado at nahahati sa magkakaribal na kampo, ay nagkakasama-sama sa pamumuno ng mga hukom ng mga tribu o ng mga lumilitaw na mga pinunong-likas ng bayan, mga simpleng magbubukid kung minsan pero may kakayahang umani ng malalaking tagumpay (tingnan ang mga kabanata 4 at 5).

Tinawag nilang *Sofetim* ang mga taong ito, salitang nangangahulugan ng *pinuno* at *hukom*. Kaya nakagawian nang tawaging Mga Hukom ang mga pinunong ito na kailanma’y hindi naupo sa hukuman. Pero dapat sigurong intindihin ang salitang “hukom” sa ibang kahulugan: ang mga taong ito ang naging mga instrumento ng katarungan ng Diyos.

1 • ¹Pagkamatay ni Josue, sinangguni ng mga Israelita si Yawe: “Sino sa amin ang unang sasalakay sa mga Kananeo?” Sumagot si Yawe: ²“Unang sasalakay ang tribu ng Juda, at ibibigay ko sa kanilang mga kamay ang lupain.” ³Kaya sinabi ng mga taga-Juda sa kanilang mga kapatid mula sa tribu ng Simeon: “Tulungan ninyo kaming sakupin ang bahagi ng lupaing nauukol sa amin, at pagkatapos, magkasama nating sasakupin iyong nauukol sa inyo.” Kaya magkasama nilang sinimulan ang pakikidigma.

⁴Nang salakayin ng tribu ng Juda ang mga Kananeo at Perezeo, ibinigay ni Yawe ang mga ito sa kanilang mga kamay; sampung libong kawal ang nilupig nila sa Bezek.

⁵Nakaharap nila dito ang Panginoon ng Bezek at sinagupa nila ito. ⁶Tumakas ang Panginoon ng Bezek, ngunit tinugis nila ito. Nahuli nila ito at pinutol ang mga hinlalaki ng mga kamay at paa nito. ⁷At sinabi ng panginoon ng Bezek: “Pitumpung hari na pinutulan ko ng hinlalaki sa

kamay at paa ang dating namumulot ng mumo sa ilalim ng aking hapag-kainan; ngayon, ginawa sa akin ng Diyos ang ginawa ko noon.” Dinala nila ito sa Jerusalem at doon ito namatay.

⁸Sinalakay ng tribu ng Juda ang lunsod ng Jerusalem, at pagkatapos patayin ang mga nakatira doon, sinunog nila ang lunsod. ⁹Lumulong sila mula sa Jerusalem upang salakayin ang mga Kananeong naninirahan sa kaburulan, sa Negeb at sa kapatagan. ¹⁰Sinalakay din nila ang mga Kananeong nasa Hebron (tinatawag din noong Kiryat-arba ang Hebron), at nilupig nila ang Sesai, Ahiman at Talmi. ¹¹Mula roon, sinalakay nila ang mga taga-Debir, isang bayan na tinatawag ding Kiryat-sefer. ¹²At nangako si Kaleb: “Ipakakasal ko ang aking anak na dalagang si Aksa sa sinumang makasasakop sa Kiryat-sefer.” ¹³Si Otoniel ang nakasakop sa bayan; anak siya ni Kenaz, na nakababatang kapatid na lalaki ni Kaleb, at ipinakasal nga sa kanya ni Kaleb ang anak niyang si Aksa.

¹⁴Isang araw, lumapit si Aksa kay Otoniel at

Hindi mga santo ang mga Hukom sa kahulugang ibinibigay natin sa salitang santo. Pero kinilala sila ng Israel bilang mga tagapagligtas na bigay sa kanila ni Yawe sa kanyang awa. Hindi nga napakarelihiyosong gawain ang patayin ang pinuno ng mga kaaway o ang ilang Pilisteo. Ngunit kung isasaalang-alang natin ang kapanahunang ginagalawan ng mga taong ito, nagpamalas sila ng tapang at pananampalataya sa gitna ng kaduwagan ng lahat. Sa pagtatagumpay nila sa pagwawalang-bahala ng kanilang mga kapatid, naihanda nila ang isang bagong yugto sa kanilang kasaysayan.

Mga baga sa ilalim ng abo

Sa pagbasa sa aklat na ito, hindi tayo magkakaroon ng mataas na idea ng antas na moral at panrelihiyon ng Israel sa panahong ito na ang mga tradisyunal na balangkas ng pamilya at tribung lagalag ay nawawalan ng halaga. Gayunpaman, nagsimula na ang isang malalim na pagbabago. Dalawang salita ang pumapasok sa bokabularyong panrelihiyon: pamana at santuwaryo.

Pamana: may lupa na ngayon ang lagalag. Kailangan niyang makita ito bilang regalo ng Diyos, sakahin ito, at ipasa sa kanyang mga anak. Ang buong relihiyon niya’y nakakawing sa lupang ibinigay ng Diyos sa kanya at iingat niya ito sa sukat ng kanyang katapatan.

Santuwaryo: Nadidiskubre ng mga Israelitang hindi nagkaroon ng Templo sa disyerto, ang mga lugar ng pagsamba ng mga Kananeo. Sila rin ay unti-unting nagsama-sama sa pagsamba at papapanatilihing buhay naman ng mga Levita at pari ang mga sagradong tradisyon at aral ni Moises. Para sa atin na nabubuhay sa panahon na gumuguho ang lahat ng balangkas ng moralidad at relihiyon na isinabuhay ng ating mga magulang, talagang kaakit-akit ang halimbawang ito ng panahon na lahat ay muling madidiskubre. Posibleng sa likod ng nananagumpay na materyalismo, maraming bagay ang sumusuloy, naghahanda ng panibagong pagsilang ng kristiyanismo na mas may kamalayan sa sarili sa isang lipunang edukado, pandaigdig, napagdaanan na ang industriya.

hinimok itong humingi ng bukirin sa kanyang ama. Bumaba si Aksa sa kanyang asno, at tinanong siya ni Kaleb: “Ano ng ibig mo?”¹⁵ Sumagot siya: “Napakainam na regalo ang ilang ng Negeb! Bigyan mo rin ako ng mga bukal ng tubig!” At ibinigay sa kanya ni Kaleb ang mga Bukal sa Itaas at sa Ibaba.

¹⁶Sumama na rin sa mga taga-Juda ang mga Kineo na mga inapo ng biyenan ni Moises mula sa lunsod ng mga Palmera hanggang sa bahagi ng Disyerto ng Juda sa hangganan ng Negeb na malapit sa Arad, at doon na sila nanirahang magkakasama.

¹⁷Sinalakay ng mga taga-Juda at ng kani-lang mga kapatid mula sa tribu ng Simeon ang mga Kananeo na naninirahan sa Sefat; winasak nila ito at inihandog sa karangalan ni Yawe. Kaya pinangalanang “Anatema” ang lunsod na ito.¹⁸ Sinakop din ng Juda ang buong lupain ng Gaza, Askalon at Ekron at ang kani-kanilang nasasakupan.

¹⁹Bagamat nasakop nila ang mga bulubundukin sa tulong ni Yawe, hindi nila naitaboy ang mga naninirahan sa kapatagan sapagkat lumaban ang mga ito sa pamamagitan ng mga karwaheng bakal.²⁰ Ayon sa utos ni Moises, ibinigay nila ang lunsod ng Hebron kay Kaleb na siyang nagpalayas mula roon sa tatlong anak na lalaki ni Anac.²¹ Ngunit hindi nagtagumpay ang tribu ng Benjamin sa pagtataboy sa mga Jebuseo na naninirahan sa Jerusalem; nasa Jerusalem pa rin ang mga Jebuseo hanggang sa panahong ito.

²²Sumalakay ang mga taga-Jose laban sa Betel, sa tulong ni Yawe.²³ Nagsugo sila ng mga espiya sa Betel, na dating tinatawag na Luz,²⁴ na nakasalubong ng isang lalaking palabas sa lunsod. Sinabi nila sa lalaki: “Sabihin mo sa amin kung paano kami makapapasok sa lunsod, at hindi ka namin papatayin.”²⁵ Itinuro nga niya ito. Pumasok sila at pinatay ang mga taga-roon, ngunit pinalaya nila ang lalaki, kasama

ang buong pamilya nito.²⁶ Pumunta ang lalaki sa lupain ng mga Heteo at doon nagtayo ng isang lunsod na pinangalanan niyang Luz na siya pa ring pangalan nito hanggang ngayon.

²⁷Gayunman, hindi pinalayas ng tribu ng Manases ang mga taga-Bet-sean at Taanac, at ang mga taga-Dor, Ibleam at Megiddo. Nagpumilit ang mga Kananeo na manatili sa mga lunsod na ito at sa mga bayang umaasa rito, at nanatiling kanila ang mga lupain nila.²⁸ Ngunit nang lumakas na ang mga Israelita, pinapagbuwis nila ang mga Kananeong nanatili sa kanilang lugar.²⁹ Hindi pinalayas ng tribu ng Efraim ang mga Kananeong naninirahan sa Gezer, at³⁰ hindi rin pinalayas ng tribu ng Zabulon ang mga mamamayan ng Kitron at Nahalol. Kasama nilang namuhay ang mga Kananeong ito ngunit pinapagbuwis nila.

³¹Hindi rin pinalayas ng tribu ng Aser ang mga taga-Acco, Sidon o Alab, Acsib, Helba, Afik at Rehob.

³²Kinailangang manirahan sa piling ng mga Kananeong sumakop sa kanilang lupain ang tribu ng Aser.³³ Gayundin ang nangyari sa tribu ng Neftali: hindi nila nagawang palayasin ang mga taga Bet-sames at Bet-anat. Nanirahan silang kasama ang mga Kananeong nanatili sa lupain. Ngunit nagbayad ng buwis sa kanila.

³⁴Hindi pinahintulutan ng mga Amorreo ang mga taga-Dan na lumusong sa kapatagan, kayat napilitan ang mga iyon na manirahan sa mataas na lupain.³⁵ Nanatili rin ang mga Amorreo sa Har-heres, Ayalon at Selebin, ngunit nang mas lumakas pa ang tribu ng Jose, pinilit nito ang mga Amorreo na bumuwis.³⁶ Nasasaklaw ng lupain ng mga Amorreo magmula sa tabing bundok ng Akrabim, at magmula sa Sela, pa-itaas.

2 • ¹Umahon ang Anghel ni Yawe mula sa Gilgal pa-Bokim at sinabi sa mga Israelitang nagtipon doon: “Inilabas ko kayo sa Ehipto

• **1.1** Ang unang kabanata ay nagbibigay ng kaunting liwanag tungkol sa pananakop. Hindi ito matagumpay gaya ng lumilitaw sa libro ni Josue, kundi dahan-dahan at mahirap. Hindi sinunod ng mga Israelita ang utos na puksain ang mga pagano, at sa ganito’y naingatan sana nila ang kanilang pananampalataya sa kaisa-isahang Diyos. Ukol dito, kalimutan na natin ang ating makabagong pananaw tungkol sa pagrespeto sa ibang bansa. Sa daigdig ng Israel, kailangan ng karahasan para mabuhay, at bukod dito, ang buong kinabukasan ng pagbubunyag ng Diyos sa mundo ay nasa mga kamay ng mga sinaunang lagalag na patuloy na binabantaan ng pagkawasak sa isang paganong kapaligiran.

Paghambingin ang mga bersikulo 8 at 21: hindi talaga tiyak ang mga ito.

• **2.1** Umahon pa-Betel ang “Anghel ni Yawe” mula sa Gilgal na unang santuwaryo ng mga Israelita sa Palestina, sa tabi ng Jordan. Alam natin na ang ekspresyong “Anghel ni Yawe” ay isang paraan ng pagtukoy kay Yawe mismo, dahil alam ng sumulat na hindi makikita ang Diyos kundi isang paglalarawan lamang sa kanya.

Nasa hindi pagwasak sa kultura at relihiyon ng mga Kananeo ang kasalanan. Isipin natin ang mga simulang ito: ang tunay na pananampalataya ay nasa ilang tribu lamang na walang pinuno ni organisasyon,

at dinala sa lupaing ipinangako ko sa inyong mga ninuno. Sinabi ko sa kanila: 'Hindi ko sisirain kailanman ang aking tipan sa inyo, ² ngunit hindi kayo gagawa ng anumang tipan sa mga Kananeo; sa halip wawasakin ninyo ang kanilang mga altar.' Ngunit hindi ninyo ako sinunod. Bakit ninyo ginawa ito? ³ Kaya ngayon, hindi ko na sila palalaysin sa harapan ninyo. Aapihin nila kayo at magiging patibong para sa inyo ang kanilang mga diyos."

⁴ Pagkasalita ng Anghel ni Yawe, nagsimulang manangis at umiyak ang lahat ng Israelita. ⁵ Kaya tinawag nilang Bokim ang lugar na 'yon, na ang ibig sabihin'y "silang tumatangis", at nag-alay sila ng mga handog kay Yawe.

⁶ Nang paalisin ni Josue ang mga Israelita, pinuntahan ng bawat isa ang kani-kanyang minanang lupain upang sakupin ito. ⁷ Pinaglingkuran ng bayan si Yawe sa panahon ni Josue at ng mga pinunong huling namatay kaysa kanya na nakasaksi sa lahat ng kadakilaang ginawa ni Yawe para sa Israel. ⁸ Namatay si Josue anak ni Nun at lingkod ni Moises sa gulang na sandaa't sampung taon. ⁹ Inililing siya sa hangganan ng kanyang minanang lupain sa Timnas-Heres, sa kaburulan ng Efraim, sa hilaga ng Bundok Gaas. ¹⁰ Namatay ang buong lahing iyon at sumipot ang isang bagong salinlahi, na hindi kilala si Yawe at hindi alam kung ano ang ginawa niya para sa Israel.

Aral ng Aklat

• ¹¹ Kaya ginawa ng mga Israelita ang hindi tama sa paningin ni Yawe, at pinaglingkuran nila ang mga Baal. ¹² Itinakwil

nila si Yaweng Diyos ng kanilang mga ninuno, na naglabas sa kanila sa Ehipto, at naglingkod sila sa ibang diyos, sa mga diyos ng mga karatig-bayan. Yumuko sila sa mga diyos na iyon at ginalit si Yawe.

¹³ Nang makita ni Yawe na itinakwil na siya ng mga ito upang maglingkod sa mga Baal at Astarot, ¹⁴ napoot siya sa Israel, kayat ibinigay niya ito sa kamay ng mga mandarambong na lubhang nagpahirap dito. Siya mismo ang nagbili sa kanila sa kanilang mga kaaway sa paligid nila at hindi na nila nakayang lumaban. ¹⁵ Tuwing makikidigma sila, kinakalaban sila ni Yawe at pinadadalhan ng kapahamakan tulad ng kanyang banta at sumpa sa kanila. At lubos nilang ipinagdalamhati ito.

¹⁶ Naglagay si Yawe ng mga "hukom" (o tagapagpalaya) na nagligtas sa mga Israelita sa mga mandarambong. ¹⁷ Ngunit hindi rin nila sinunod ang mga "hukom" na ito kundi ipinagpatuloy nila ang pagbibili ng sarili sa ibang mga diyos at sinamba ang mga ito. Kaagad silang lumihis sa landas ng kanilang mga ninunong sumunod sa mga utos ni Yawe; hindi sila tumulad sa mga ito.

¹⁸ Tuwing maglalagay si Yawe ng isang hukom sa kanyang bayan, sumasakanya

at napapaligiran ng mas mayaman pero paganong kabihasan. Itinuturo sa atin ng kasaysayan na sa sandaling magbago ng pamumuhay ang isang bayan, nagbabago rin ang relihiyon nito.

Sapat nang makita ang nangyayari ngayon sa malaking bahagi ng sangkatauhan na nagiging pansiyudad at industriyalisado ang dati nilang pambukid at tradisyunal na kabihasan. Naroon ang tukso ng pagsamba sa mga diyus-diyusan. Kaakit-akit ang relihiyon ng mga magsasakang Kananeo sa pagdaraos nito ng mga puwersa ng buhay at pagkapalaanak. Nagtipon-tipon sila para sa mga pista sa bukid sa mga sagradong gubat at doon nagsagawa ng sagradong prostitusyon para makahingi ng ulan at masaganang ani sa kanilang mga diyos na mga Baal. Nahirapan ang mga Israelitang hindi sanay sa gayong mga kalayaan na huwag sumali sa mga pagdiriwang na ito ng mga paganong kasalamuha nila.

Ito ang dahilan ng paninindigan ng sumulat: dapat wasakin ang lahat ng paganong kulturang ito: tingnan ang tungkol sa paksang ito na nakasisindak sa atin ngayon, sa paliwanag ng Josue 6.

• 11. Nagsisimula ang isa pang introduksyon sa Aklat ng Mga Hukom, kung saan matapos alalahanin ang kamatayan ni Josue ay ibinigay naman ang mga tunay na sanhi ng mga magaganap na pangyayari. (Tingnan ang Jos 24:31.)

Ang unang sanhi ng kapahamakan ng Israel nang hindi nila magawang alisin ang mga Kananeo ay ang kataksilan nila kay Yawe. Sasabihin ng buong Biblia na para sa atin din, ang unang sanhi ng kapahamakan ng ating lipunan ay ang kataksilan natin sa Diyos, bagamat hindi ito masasabi nang hindi pinagtatawanan maging ng mga mananampalataya.

Ang manunulat na nagsama-sama ng mga kuwentong ito sa iisang aklat ay nakakita ng humahabing sangkap na nagbibigay-liwanag sa mga pagkaantala ng pananakop at sa mga yugto ng paglaya. Pinansin niya itong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari:

– tinalikdan ng mga Israelita si Yawe at sumamba sila sa mga diyus-diyusan;

– dahil dito, ipinaubaya sila ni Yawe sa kamay ng kanilang mga kaaway;

si Yawe at inililigtas niya ito sa mga ka-away. Tumagal iyon habang nabubuhay ang hukom, sapagkat nahabag si Yawe dahil sa panaghoy ng kanyang bayang pinahihirapan at pinag-uusig. ¹⁹Ngunit pagkamatay ng hukom, muli silang nagiging mas masama pa kaysa kanilang mga ninuno – sa pagsamba at paglilingkod sa ibang diyos. Ayaw nilang talikuran ang mga gawaing pagano at katigasan ng ulo.

²⁰Napoot si Yawe at sinabi: “Sinira ng mga taong ito ang pakikipagtipan ko sa kanilang mga ninuno at ayaw nilang sumunod sa akin. ²¹Kaya hindi ko na paaalisin sa harap nila ang alinman sa nalabing bansa pagkamatay ni Josue. ²²At susubukin ko ang mga Israelita sa pamamagitan ng mga bansang ito, upang malaman ko kung susunod rin sila sa akin, sa dakong huli, tulad ng kanilang mga ninuno.”

²³Kaya hinayaan ni Yawe ang mga bansang ito na manatili sa mga lupaing kinaroroonan nila at hindi kaagad binawi

sa kanila ang mga lupain. Ito rin ang dahilan kung bakit hindi sila inihulog ni Yawe sa mga kamay ni Josue.

3 ¹Ito ang mga bansang hinayaan ni Yaweng mabuhay upang subukin sa pamamagitan nila ang Israel – ang lahat ng hindi nakidigma sa Kanaan. ²Ginawa niya ito upang matutong lumaban ang salinlahi ng mga anak ng Israel na hindi pa nakakaranas ng digmaan. ³Ang mga bayang ito ay ang limang panginoon ng mga Pilisteo at lahat ng Kananeo, Sidonio at Heveo ng Bundok ng Lebanon, mula sa bundok ng Baal-Hermon hanggang sa pasukan ng Hamat.

⁴Nanatili sila upang subukin ang Israel kung susundin ang mga utos ni Yawe na itinakda sa mga ninuno ng mga ito, sa pamamagitan ni Moises. ⁵Kaya namuhay ang mga Israelita na kasalamuha ng mga Kananeo, Heteo, Amorreo, Perezee, Heveo at Jebuseo. ⁶Pinakasalan ng mga Israelita ang mga anak na babae ng mga ito, ipinakasal ang kanilang mga anak na babae sa mga anak na lalaki ng mga ito, at pinaglingkuran ang mga diyus-diyusan ng mga ito.

Otoniel, Ehud at Samgar

• ⁷Masama sa paningin ni Yawe ang

– inamin ng mga Israelita ang kanilang mga pagkakamali at tinawag si Yawe;

– at saka nagpalitaw si Yawe ng isang tagapagligtas.

Pero sa oras na makamit ang tagumpay at magkaroon ng kapayapaan, muling tatalikdan ng bayan ang kanilang misyon. Sa mundong ito ngayon, walang pangwakas na paglaya.

Inilalahad sa atin ng tekstong ito ang aral mula sa buong libro at ang natunghayan na natin sa Dt 4:1-31.

Laging kumikilos ang Diyos bilang tagapagturo. Dahil napakaprimtibong pang bayan ang Israel at walang naiintindihan liban sa kanilang nakikita at nadarama, inakay ng Diyos ang kanyang bayan sa pamamagitan ng mga materyal na gantimpala at parusa.

Tinalikuran nila si Yawe para maglingkod kay Baal. Baal (o Panginoon) ang anumang diyos na Kananeo, lalo na ang nagpapaulan. Mga diyosa naman ang mga Astarte, na mga diyosa ng lupa at ng pagiging palaanak.

Kaya nagpalitaw si Yawe ng mga tagapagpalaya. Tinawag na “mga hukom” ang mga pinuno o lider na pansamantalang nasa kapangyarihan. Dahil nang panahong iyon, pareho ang ibig sabihin ng *maghukom* sa bayan at *mamuno* rito (tingnan ang Introduktsyon). Sa pagsasaling ito, malimit nating gagamitin ang salitang *pinuno* dahil sa mas eksakto ang sinasabi nito tungkol sa kung ano talaga ang “mga hukom” na iyon.

Inilalahad naman sa kabanata 3 ang tatlo sa *Mga Hukom* na ito.

• **3.7** *Nilimot nila si Yawe at pinaglingkuran ang mga Baal... at ipinaubaya sila ni Yawe sa mga kamay ng hari ng Aram.* Laging pinaglalaruan ng Biblia ang salitang ito: ang naglilingkod sa huwad na diyos sa sarili niyang kalooban ay magiging alipin laban sa sarili niyang kalooban. Ihambing sa 1 S 7:3.

Nakay Otoniel ang espiritu ni Yawe. Tingnan ang paliwanag sa 11:1.

Habang nakikipaglaban sina Otoniel at Ehud sa mga Edomita, Moabita at Amorita, mga mandarambong mula sa kabilang ibayo ng Jordan, hinarap ni Samgar ang mga Pilisteo. Dumating mula sa dagat ang mga ito sa dalampasigan ng Palestina kasabay ng mga Israelita na galing naman sa disyerto. Bayang may mas magaling na kabihansnan, mas nasasandatahan at organisado, sinakop ng mga Pilisteo ang “Limang Departamento” na ibig sabihin’y ang limang siyudad ng Gat, Asdod, Askalon, Ekron at Gaza kasama ang kanilang mga karatig na teritoryo.

Sila ang nakapangyayari sa mayamang kapatagang nasa hangganan ng Dagat Mediterraneo, at paulit-ulit na nililigalig ng kanilang mga sundalo ang mga Israelitang namamayan sa kabundukan. Si Haring David lamang ang ganap na makalulupig sa kanila, at tanging pangalan lamang nila ang natitira sa kanila: *Palestina*, na siyang pangalan ng lupain ng Israel na galing sa *Pilisteo* o *Palesteo*.

ginawa ng mga Israelita; kinalimutan nila si Yaweng Diyos nila at pinaglingkuran ang mga Baal at Asera. ⁸Dahil dito, nag-alab ang poot ni Yawe laban sa Israel at inihulog niya ito sa mga kamay ni Kusan Risataim, hari ng Aram, na sumakop sa mga Israelita nang walong taon.

⁹Subalit nang dumaing ang mga Israelita kay Yawe, naglagay si Yawe sa kanila ng isang tagapagpalaya; naligtas sila sa pamamagitan ni Otoniel na anak ni Kenaz, na nakababatang kapatid naman ni Kaleb. ¹⁰Sumakanya si Yawe at namuno siya sa Israel. Nang makidigma si Otoniel, inihulog ni Yawe sa kanyang mga kamay si Kusan Risataim na hari ng Aram. ¹¹Nagapi ni Otoniel ang hari at apatnapung taong nagkaroon ng kapayapaan sa lupain. At namatay si Otoniel na anak ni Kenaz.

¹²Muling ginawa ng mga Israelita ang masama sa paningin ni Yawe, at pinalakas niya si Eglon, hari ng Moab, upang salakayin ang mga Israelita.

¹³Inianib ni Eglon ang mga Amonita at Amalekita; at magkakasama nilang sinalakay ang Israel at nilupig iyon, at sinakop ang Lunsod ng mga Palmera. ¹⁴Labing-walong taong sumailalim ang mga Israelita kay Eglong hari ng Moab. ¹⁵Subalit tumawag silang muli kay Yawe kayat binigyan sila nito ng isang tagapagligtas – si Ehud, isang kaliweteng anak ni Gera, mula sa tribu ng Benjamin.

Nagpadala sa kanya ang mga Israelita ng isang regalong ibibigay kay Eglong hari ng Moab. ¹⁶Gumawa si Ehud ng isang balaraw na magkabila ang talim, na isang talampakan at kalahati ang haba at itinali iyon sa kanyang kanang hita, sa ilalim ng kanyang damit. ¹⁷At ibinigay niya ang regalo kay Eglong hari ng Moab. Napakataba pala nito. ¹⁸Matapos maibigay ni Ehud ang regalo, pinaalis na niya ang mga taong nagdala nito. ¹⁹Nang nasa lugar na sila ng mga Diyus-diyusan, malapit sa Gilgal, nagbalik siya sa hari at

sinabi kay Eglon: “May sikreto akong sasabihin sa inyo, O Hari.” At sinabi ni Eglong hari ng Moab: “Bayaan ninyo akong mapag-isa!” Kaya umalis ang lahat ng nasa silid.

²⁰At nilapitan siya ni Ehud, habang mag-isa siyang nakaupo sa kanyang pansariling kuwarto sa tuktok ng palasyo. Presko roon. Sinabi ni Ehud: “Panginoon, may pasabi ang Diyos para sa inyo.” Tumindig ang hari mula sa kinauupuan. ²¹At kinuha ni Ehud ng kaliwang kamay ang balaraw sa kanyang kanang hita at itinarak sa tiyan ng hari. ²²Bumaon pati ang puluhan kasama ng talim na natakpan na ng taba dahil hindi na hinugot ni Ehud ang balaraw sa tiyan ng hari. ²³Lumundag si Ehud mula sa bintana pagkandado niya ng mga pinto ng kuwarto.

²⁴Pagkaalis niya, dumating ang mga utusan at nakitang nakakandado ang mga pinto sa kuwarto sa itaas. Naisip nila: “Marahil, nagbabawas siya sa preskong kuwarto.” ²⁵Matagal din silang naghintay, ngunit nanatiling sarado ang kuwarto sa itaas. Sa wakas kinuha na nila ang mga susi at binuksan ang mga pinto: patay na nakahandusay sa sahig ang kanilang panginoon!

²⁶Nakatakas na si Ehud habang naghihintay sila; sa lugar ng mga Diyus-diyusan siya dumaan at nakarating sa isang ligtas na pook sa Seira. ²⁷Pagdating niya, hinipan niya ang tambuli sa kaburulan ng Efraim, at lumusong mula sa kaburulan ang mga Israelita. ²⁸Tumayo siya sa harapan nila at sinabi: “Sumunod kayo sa akin, sapagkat inihulog na ni Yawe sa inyong mga kamay ang mga Moabitang ating kaaway.” Lumusong kasunod niya ang mga Israelita, hinarangan nila ang mga tawiran sa Jordan patungo sa Moab at walang pinadaang sinuman.

²⁹Nilupig nila ang Moab sa pagkaka-taong iyon, at sampung libong malalakas at matatapang na lalaki ang kanilang

pinatay. Walang natirang buhay. ³⁰Kayang nang araw na iyon, sumailalim sa Israel ang Moab. Walumpung taong nanatili ang kapayapaan sa lupain.

³¹Pagkatapos nito, sumunod si Samgar na anak ni Anat; animnaraang Pilisteo ang pinatay niya sa pamamagitan ng tungkod na pantaboy ng baka. Iniligtas din niya ang Israel.

Sina Debora at Barak

4 • ¹Pagkamatay ni Ehud, muling ginawa ng mga Israelita ang masama sa paningin ni Yawe, ²kayang ipinailalim sila sa kapangyarihan ni Yabing hari ng Kanaan. Naghari si Yabin sa Hasor, at sa Haroset-ha-goyim naman naninirahan si Sisara na heneral ng kanyang hukbo.

³At tumawag kay Yawe ang mga Israelita, sapagkat siyamnaraan ang karwaheng-pandigma ni Yabin at dalawampung taon silang pinahirapan nito.

⁴Nang panahong iyon naging hukom si Deborang isang propeta at maybahay ni Lapidot. ⁵Karaniwan siyang nakaupo sa ilalim ng tinatawag na Palmera ni Debora, sa pagitan ng Rama at Betel, sa lupain ng Efraim. Doon niya nilulutas ang mga reklamong inihaharap sa kanya ng mga Israelita. ⁶At ipinatawag niya si Barak, na anak ni Abinoam, na taga-Kades ng Neftali. Sinabi niya rito: “Ito ang utos sa iyo ni Yaweng hari ng Israel: ‘Humayo ka sa Bundok ng Tabor at magsama ka ng sampung libong lalaki mula sa mga tribu ng Neftali at Zabulon, ⁷sapagkat papupuntahin ko sa iyo si Sisara sa Ilog Kison, kasama ang mga karwahe at kawal niya, at ihuhulog ko siya sa iyong mga kamay.’”

⁸Sumagot si Barak: “Pupunta ako kung pupunta ka; ngunit kung hindi ka pupunta, hindi ako pupunta.” ⁹Sinabi naman ni Debora: “Sasama ako sa iyo, ngunit sa paraan mong ito, hindi mapapasaiyo ang karangalan ng tagumpay; isa ngang babaeng papatay kay Sisara.”

At sumama si Debora kay Barak pa-Kades.

¹⁰Tinawag ni Barak ang mga tribu ng Zabulon at Neftali at sampung libong kawal ang sumunod sa kanya. Umahon ding kasama niya si Debora. ¹²Nang malaman ni Sisara na umahon si Barak sa Bundok ng Tabor, ¹³tinipon niya ang kanyang mga karwahe – siyamnaraan lahat – at lahat ng kanyang kawal at umalis sila sa Haroset-ha-goyim patungo sa Ilog Kison.

¹⁴At sinabi ni Debora kay Barak: “Bumangon ka, sapagkat ngayon ang araw na ihuhulog ni Yawe sa iyong mga kamay si Sisara. Sa araw na ito, nasa unahan mo na si Yawe.”

Kaya lumusong mula sa Bundok ng Tabor si Barak, kasama ang kanyang sampung libong kawal. ¹⁵Pinapagtagumpay siya ni Yawe laban kay Sisara at sa mga karwahe at buong hukbo nito. Bumaba si Sisara sa kanyang karwahe at tumakas, ¹⁶samantalang tinugis naman ni Barak ang mga karwahe at ang hukbo hanggang sa Haroset-ha-goyim. Nalipol ang buong hukbo ni Sisara. Walang natirang buhay.

¹¹Nang mga sandaling iyon, nagkampo si Heber na Sineo, sa tabi ng punong-ensina ng Za-anamin, malapit sa Kades, matapos bumukod sa iba pang

• **4.1** *Si Yabin na hari ng Kanaan*, sa totoo’y hari ng kapatagan sa hilagang Kanaan, na tinatawag na Jezrael. Doon nagkaroon ng malaking tagumpay sa panahon ng Mga Hukom.

Si *Debora* na isang babaeng ang *Hukom ng Israel*, na ibig sabihin’y naggagawad ng katarungan sa ngalan ni Yawe. Isang natatanging kaso ito sa isang bayang nasa kalalakihan ang lahat ng responsabilidad sa lipunan at relihiyon. Ipinatawag niya si Barak mula sa hilaga.

Pero ayaw nitong umalis na mag-isa; nais niya ang kooperasyon ng mga tribu ng Efraim at Benjamin kung saan nakatira si Debora.

Si Barak ay magiging “teknisyan” lamang ng tagumpay at wala nang iba, dahil hindi sapat ang salita ng Diyos para ilaan niya nang lubos ang kanyang sarili. At mas pinahalagahan ng Biblia si Debora na nagbigay-inspirasiya sa pag-aalsa.

inapo ni Hobab, na biyenan ni Moises. ¹⁷Doon nagtago si Sisara, at patakabong pumunta sa tolda ni Yael, na maybahay ni Heber. Nagkaroon ng kapayapaan sa pagitan ng mga Kenita at ng lipi ng mga Kananeo ni Yabing hari ng Hazor.

¹⁸Lumabas si Yael upang salubungin si Sisara at sinabi: “Halikayo, aking panginoon, huwag kayong matakot.” Pumasok si Sisara at itinago siya ni Yael sa ilalim ng isang kumot. ¹⁹Humingi ng tubig si Sisara upang pawiin ang kanyang uhaw. Nagbukas ng isang lalagyan ng gatas ang babae at pinainom si Sisara, at muling tinakpan ng kumot. ²⁰At sinabi ni Sisara: “Tumayo ka sa pintuan; at kung may darating at magtatanong, sabihin mong wala kang kasama rito.” ²¹Hapung-hapo si Sisara, kayat nakatulog siya. At kumuha ang babae ng isang martilyo at tulos ng tolda, tahimik na lumapit kay Sisara at ipinukpok ang tulos sa sentido ni Sisara hanggang bumaon sa lupa. ²²Pagdating ni Barak, lumabas si Yael at sumalubong at sinabi: “Tuloy ka at ituturo ko sa iyo ang lalaking hinahanap mo.” Pumasok si Barak at nakita si Sisarang patay na, at may nakatusok na tulos ng tolda sa sentido.

²³Sa araw na iyon, hinamak ni Yawe si Yabin sa harap ng mga Israelita. Hindi tinantanan ng mga Israelita ang mga Kananeo hanggang sa malipol nila ang mga ito.

Awit ni Debora

5 • ¹Sa araw na iyon, inawit ito nina Debora at Barak na anak ni Abinoam:

²“Sa Israel, buong-giting na lumaban ang mga kawal; sa Israel kusang-loob nilang inialay ang sarili. Purihin si Yawe!

³Dinggin ninyo, O mga hari; makinig kayo, O mga prinsipal. Kay Yawe ako aawit; kay Yaweng Diyos ng Israel ako mag-aalay ng papuri.

⁴Lumabas ka mula sa Seir, O Yawe; pag-

sugod mo mula sa lupain ng Edom, nayanig ang lupa; umikot ang langit at natunaw ang mga ulap. ⁵Nanginig ang bundok sa harapan ni Yaweng Diyos ng Israel.

⁶Sa panahon ni Samgar na anak ni Anat, sa panahon ni Yael, walang naglalakbay sa mga lansangan kundi sa mga makikitid na landas. ⁷Walang namumuno sa Israel hanggang ako – si Debora – ay nagising at nagbangon bilang ina ng Israel.

⁸Pumili sila ng mga bagong diyos, at dinatan sila ng digmaan. At halos walang kalasag ni sibat ang apatnapung libong kawal sa Israel!

⁹Kasama ang aking puso ng mga pinuno ng Israel, ng mga taong may kusang-loob. Purihin si Yawe!

¹⁰Kayong mga nakasakay sa mga puting asno, kayong mga nakaupo sa mamahaling alpombra; kayong mga naglalakad sa lansangan, magnilay kayo! ¹¹Pakinggan ninyo ang tinig ng mga naghahati-hati ng nasamsam sa malapit sa painuman; inawit nila ang mga kaloob ng Diyos sa Israel nang lumusong sa mga pintuan ang bayan ni Yawe.

¹²Gumising ka, Debora, gumising ka! Gumising ka, gumising ka at magsimulang umawit. Bumangon ka, Barak! At dalhin ang iyong mga awit, anak ni Abinoam.

¹³Manaig ang mga nalabi ng bayan sa mga nang-aapi sa kanila! Sumaakin nawa si Yawe, mas malakas kaysa magigiting! ¹⁴Nasa lambak ka, O Efraim, at nasa likuran mo, kasama ng iyong hukbo ang kapatid mong si Benjamin. Mula sa Makir lumusong ang mga pinuno; mula sa Zabulon ang mga namumunong may dalang tungkod na tanso.

¹⁵Kasama ni Debora ang mga pinuno ng Isacar, kasama naman ni Barak ang Isacar; sumugod ang mga mamamayan kasunod nila sa kapatagan.

Ngunit nagtatalu-talo ang mga angkan ni Ruben.

¹⁶Bakit kayo nanatili sa inyong mga kawan nang tumunog ang plawta? Walang napagkayarian ang mga angkan ni Ruben.

¹⁷Nanatili ang Galaad sa kabilang pampang ng Jordan, at bakit nanatili ang mga taga-Dan sa kanilang mga barko? Nanatili ang Aser sa mga pampang ng dagat; nananahimik sila sa kanilang mga pantalan.

• **5.1** Ang “Awit ni Debora” ay isa sa mga pinakamatandang bahagi ng panitikang Hebreo. Ginawa ito pagkatapos ng mga pangyayari: isa itong awit ng parangal kay Yaweng manlulupig. Binibigyang-pansin

ng tulang ito ang pagkakanya-kanya ng mga tribu: tatatlo lamang sa kanila ang nagkaisa para harapin ang mga Kananeo.

¹⁸ Binale-wala naman ng Zabulon ang kama-tayan, pati ang Neftali sa mataas na lupain.
¹⁹ Dumating ang mga hari upang makipag-laban; nakipaghamok ang mga hari ng Kanaan sa Tanak, malapit sa mga balon ng Megiddo, ngunit wala silang nakuhang pilak.

²⁰ Mula sa kalangitan nakipaglaban ang mga tala, nilabanan ng mga ito si Sisara mula sa kanilang ligiran. ²¹ Tinangay sila ng Ilog Kison, ang matandang ilog, ang Ilog Kison. Sumugod kang walang takot, aking kaluluwa!

²² Niyayanig ang lupa ng mga yabag ng kabayo: sa pagsugod ng kanyang mga kabayo. ²³ 'Sumpain ang Meros,' sabi ng anghel ni Yawe, 'sumpain ninyo, sumpain ang mga taga-roon, sapagkat hindi sila tumulong kay Yawe, kasama ng mga bayani.'

²⁴ Pagpalain sa kababaihan si Yael, maybahay ni Heber na Kenita; pagpalain ka sa mga babaeng nakatira sa tolda! ²⁵ Humingi ito ng tubig, binigyan niya ng gatas; naghain siya ng nata sa sarong marangal.

²⁶ Hinawakan niya ang tulos at kinuha ng kanang kamay ang maso. Pinukpok niya si Sisara, dinurog ang ulo, tinusok at binasag ang sentido nito. ²⁷ Nahandusay ito sa kanyang paanan, at doon bumagsak. Wala nang buhay.

²⁸ Nanungaw sa bintana ang ina ni Sisara at sumigaw sa likod ng tabing. Bakit hindi pa dumarating ang kanyang karwahe? Bakit ito naaantala? ²⁹ Sumagot ang pinakamautak sa kanyang mga alalay na babae. ³⁰ 'Tiyak na pinaghahatian na nila ang kanilang nadambong - isa, dalawang dalaga sa bawat kawal; makukulay na tela para kay Sisara; makukulay na telang may burda para gawing isang bandana.

³¹ Malipol sana nang ganito ang lahat ng iyong kaaway, O Yawe, at matulad sana sa maningning na araw ang iyong mga kaibigan.

At apatnapung taong naghari ang kapayapaan sa lupain.

• **6.11** Tungkol naman kay Gideon at sa kanyang anak na si Abimelek ang mga kabanata 6-9. Ang una ay tinawag ni Yawe at kumilos bilang "Hukom."

Sa dalawa niyang pakikipaglaban, pinagtibay niya ang kalayaan ng kanyang bayan. Sumunod naman sa kanya si Abimelek na ginamit ang pangalan ng kanyang ama para sa hangarin niyang maging hari.

Napakita kay Gideon sa anyong tao ang Anghel ni Yawe. Ipinaaalaala sa atin ng Ebanghelyo ni Lucas ang talatang ito: Lucas 1:26-38.

Dumarating si Yawe para magpalitaw ng isang tagapagligtas kung saan at kung kailan wala nang pag-asa. Naniniwala si Gideon kay Yawe pero kulang siya ng pananalig: tiyak ngang kaya ng Diyos ang lahat

6 ¹ Ginawa ng mga Israelita ang masama sa paningin ni Yawe at inihulog sila ni Yawe sa mga kamay ng mga Madianita nang pitong taon, ² at naging mabigat sa kanila ang kamay ng mga Madianita.

Dahil sa mga Madianita, gumawa ang mga Israelita ng mga taguan, yungib at kanlungan sa mga burol. ³ Pagkatapos makapagpunla ang mga Israelita, darating ang mga Madianita na kasama ang mga Amalekita at ang mga taga-Silangan. ⁴ Sasalakayin nila ang mga Israelita, magkakampo sa lupain ng mga ito at wawasakin ang lahat ng taniman hanggang sa pasukan sa Gaza. Wala silang iiwang makakain, ni tupa, ni baka, ni asno, ⁵ sapagkat aahon silang kasindami ng mga balang, na hakot ang kanilang mga hayop at mga tolda. Napakarami nila at ng kanilang kamelyo at sinalakay at inagaw ang lupain. ⁶ Sa ganitong paraan, pinapaghirap nang husto ng mga Madianita ang Israel, kayat tumawag kay Yawe ang mga Israelita.

⁷ Nang manawagan ang mga Israelita kay Yawe dahil sa mga Madianita, ⁸ nagsugo si Yawe sa kanila ng isang propeta na nagsabi: "Ito ang sabi ni Yaweng Diyos ng Israel: 'Inilabas ko kayo sa Ehipto, ang bahay ng pagkaalipin. ⁹ Pinalaya ko kayo sa mga kamay ng mga Ehipsiyo at sa lahat ng sumisiil sa inyo. Pinalayas ko sa harap ninyo ang mga naninirahan sa lupaing ito at ipinagkaloob ko sa inyo ang kanilang lupain, ¹⁰ at sinabi ko sa inyo, Ako si Yaweng inyong Diyos. Huwag ninyong pansinin ang mga diyos ng mga Amorreo, na ang lupain ay tinitirhan ninyo ngayon. Ngunit hindi ninyo ako pina-kinggan.'"

Ang pagtawag kay Gideon

• ¹¹ Dumating ang anghel ni Yawe at naupo sa ilalim ng banal na punungkahoy sa Ofra, na ari-arian ni Yoas, ng angkan ni

noong araw, pero hindi siya nakikita ni Gideon na kumikilos sa kasalukuyan.

6:15. Matatagpuan natin ang saloobing ito ni Gideon na malimit na inuulit sa Biblia. Ang misyong ipinagkakatiwala sa atin ng Diyos ay laging lampas sa ating kakayahan bilang mga tao (Ex 3:11; Jer 1:6).

Nagbibigay-pag-asa si Yawe sa pagbibigay niya ng tungkuling dapat gampanan. Hindi niya ipinangangkong siya ang gagawa para sa atin, kundi inaan-yayahan niya tayong kumilos: *Sa iyong kagitingan, ililigtas mo ang Israel sa mga Madianita.* Kaya umaasa si Yawe sa taong kanyang pinipili. At saka nadidiskubre ng talubatang magasakang si Gideon ang kanyang sarili sa pagtawag na ito at alam na niyang isasakatuparan niya nito.

Abiezer. Si Gideon na anak ni Yoas ay gumigiik ng trigo sa pisaan ng ubas upang maikubli ito sa mga Madianita.

¹²Napakita sa kanya ang anghel ni Yawe at nagsabi: “Sumaiyo si Yawe, magiting na mandirigma.” ¹³Sumagot si Gideon: “Ipagpaumanhin mo, ginoo, ngunit kung sumasaamin si Yawe, bakit nangyayari ang lahat ng ito sa amin? Nasaan ang mga kababalaghang isinasa-laysay sa amin ng aming mga ninuno? Hindi ba sinabi nilang inilabas sila ni Yawe mula sa Ehipto? Bakit niya kami pinabayaan ngayon at ibinigay sa mga kamay ng mga Madianita?”

¹⁴Bumaling sa kanya si Yawe at sinabi: “Humayo ka, at ilitas ang Israel sa mga Madianita sa pamamagitan ng iyong kapatangan. Ako ang nagsusugo sa iyo.”

¹⁵Sumagot si Gideon: “Patawarin mo ako, Panginoon, ngunit paano ko maililitas ang Israel? Ang aking pamilya ang pinakahamak sa aking tribu at ako ang pinakahuli sa pamilya ng aking ama.”

¹⁶Sinabi sa kanya ni Yawe: “Sasaiyo ako at lulupigin mo ang mga Madianita sa isang hampas.” ¹⁷Sinabi ni Gideon: “Pakibigyan mo ako ng palatandaan na ikaw nga ang nagsasalita. ¹⁸Huwag ka sanang umalis hanggang makabalik ako at makapag-alay ng handog sa iyo.” Sumagot si Yawe: “Hihintayin kita rito.”

¹⁹Umalis si Gideon at naghanda ng isang batang kambing, kumuha ng isang takal na arina at hinurnong tinapay na walang lebadura. Inilagay niya ang sabaw sa isang palayok at ang karne sa isang bilao, at inialay sa Anghel sa ilalim ng punungkahoy. ²⁰At sinabi ng Anghel ng Diyos: “Kunin mo ang karne at tinapay;

ilagay mo sa ibabaw ng batong ito at ibuhos dito ang sabaw.” Ginawa iyon ni Gideon. ²¹Nang mga sandaling iyon, inilabas ng Anghel ng Diyos ang tungkod na hawak at idinait sa karne at tinapay. Kapagdaka’y may sumiklab na apoy sa bato. Tinupok ng apoy ang karne at tinapay, at nawala ang Anghel ni Yawe.

²²Noon naunawaan ni Gideon na iyon nga ang Anghel ni Yawe at sinabi: “Sawimpalad ako, O Panginoong Yawe! Nakita ko na nang harapan ang Anghel ni Yawe.” ²³Ngunit sinabi sa kanya ni Yawe: “Sumaiyo ang kapayapaan. Huwag kang matakot. Hindi ka mamamatay.” ²⁴Nagtayo ng altar si Gideon para kay Yawe sa pook na iyon at tinawag niyang Yawe-Kapayapaan. Hanggang ngayo’y naroon pa rin iyon sa Ofra ng Abiezer.

²⁵Nang gabi ring iyon, sinabi ni Yawe kay Gideon: “Isama mo ang sampu sa utusan ng iyong ama at isang torong pitong taong gulang. Wasakin mo ang altar na ginawa ng iyong ama para kay Baal at putulin mo ang banal na haligi sa tabi niyon. ²⁶At maingat kang magtayo ng isang altar para kay Yawe sa burol na ito at ihandog mo sa akin ang toro; sunugin mo iyon sa pamamagitan ng kahoy ng banal na haligi.”

²⁷At ginawa nga ni Gideon – sa tulong ng kanyang sampung utusan – ang ipinag-utos ni Yawe. Ngunit sa gabi niya ito ginawa sapagkat natatakot siya sa kanyang pamilya pati na rin sa mga taumbayan.

²⁸Kinabukasan, nakita ng mga taumbayan na dinurog ang altar ni Baal at ibinuwal din ang banal na haligi. Nakita rin nila ang sinunog na toro sa bagong altar. ²⁹Kayat sila’y nagtanungan at nagsiyasat,

Ganap na pinagsasama ng talata 25-31 ang misyon ng pagpapalaya na ipinagkatiwala kay Gideon at ang pampublikong pagpapahayag niya ng kanyang pananampalataya kay Yawe: sa ganito’y naging marapat siyang pangakuan ng Diyos.

Payag si Gideon na italaga ang kanyang sarili, pero

gusto niyang matiyak kung si Yawe nga ang nagsasalita. Kaya humingi siya ng isang tanda na ibinigay naman sa kanya ni Yawe. Hindi katulad si Gideon ng iba na humihingi ng mga tanda para lamang magkaroon ng panahon dahil nagdududa sila o ayaw nilang makumbinsi (tingnan ang Mc 8:11 at Lc 1:18).

at natuklasang si Gideon ang gumawa niyon. ³⁰ At sinabi ng mga taumbayan kay Yoas: “Ibigay mo sa amin ang iyong anak upang patayin; siya ang nagwasak ng altar ni Baal at pumutol sa banal na haligi.”

³¹ Ngunit sinabi ni Yoas sa nagagalit na pulutong: “Ipagtanggol ba ninyo si Baal at ililigtas? Kung siya’y diyos, bayaan niyong ipagtanggol niya ang kanyang sarili ngayong may nagwasak ng kanyang altar.”

³² Nang araw na iyon, pinangalanan si Gideon na Yerubaal, na nangangahulugang “Bayaang ipagtanggol ni Baal ang sarili laban sa kanya, sapagkat winasak niya ang altar ni Baal.”

³³ Nagkaisang tumawid sa Jordan ang buong Madian, Amalek at ang mga tao ng Silangan at nagkampo sa mga kapatagan ng Jezrael. ³⁴ Kaya sumakay Gideon ang espiritu ni Yawe, hinipan niya ang trumpeta at nagkaisa sa kanya ang mga taga-Abiezer. ³⁵ Nagpadala siya ng mga sugo sa buong lupain ng Manases at sinalubong siya ng mga tagaroon. Sumalubong din ang mga taga-Aser, Zabulon at Neftali.

³⁶ Sinabi ni Gideon sa Diyos: “Kung talagang ililigtas mo ang Israel sa tulong ng aking kamay, tulad ng iyong sinabi, bayaan mong gawin ko ito. ³⁷ Lalatagan ko ng balahibong lana ang giikan. Kapag sa balahibo lamang pumatak ang hamog at nanatiling tuyo ang lupa, malalaman kong ililigtas mo nga ang Israel sa tulong ng aking kamay, tulad ng iyong ipinangako.”

³⁸ Gayon nga ang nangyari. Kinabukasan, maagang bumangon si Gideon, piniga ang lana at tumulo ang hamog, at napuno ang isang baso. ³⁹ Nagsalitan muli si Gideon sa Diyos at sinabi niya: “Huwag kang magagalit kung muli kitang kausapin. Bayaan mong gumawa ako ng isa pang pagsubok sa balahibong lana:

gawin mong tuyo ang lana at basa ang lupa sa paligid.” ⁴⁰ Nang gabing iyon, gayon nga ang ginawa ni Yawe. Nanatiling tuyo ang lana at basang-basa naman ng hamog ang lupa.

7 ¹ Maagang nagbangon si Yerubaal, o si Gideon, gayundin ang lahat ng mga taong kasama niya at nagkampo sila sa tabi ng bukal ng Harod. Nasa dakong hilaga naman nila ang kampo ng mga Madianita at sinaklaw nito mula sa burol ng More hanggang sa mga kapatagan.

² At sinabi ni Yawe kay Gideon: “Napakarami mong kasama. Kung ilalagay ko ang mga Madianita sa inyong mga kamay, iisipin ng mga Israelita na nagtagumpay sila dahil sa sariling lakas. ³ Kayat ipatawag mo ang iyong mga tauhan at sabihin sa kanila na sinumang natatakot ay makakauwi na.” Kayat dalawampu’t dalawang libong kawal ang nagsiuwi at sampung libo lamang ang naiwan.

• ⁴ Sinabi ni Yawe kay Gideon: “Napakarami pa rin. Isama mo sila sa batis at kikilatisin ko sila para sa iyo. Ang sabihin kong: ‘Sasama siya sa iyo’, isasama mo. At ang sabihin kong: ‘Hindi siya,’ hindi sasama.” ⁵ Dinala nga sila ni Gideon sa batis at doon sinabi ni Yawe: “Papupuntahin mo sa isang panig ang mga hihimod ng tubig na parang aso. At ang mga luhod naman upang uminom ay papupuntahin mo sa kabilang panig.”

⁶ Tatlundaan ang humimod ng tubig, at ang iba naman ay lumuhod para uminom. ⁷ At sinabi ni Yawe kay Gideon: “Ililigtas ko kayo sa pamamagitan ng tatlundaang ito na humimod ng tubig at ibibigay ko sa mga kamay mo ang mga Madianita. Pauwiin mo na ang iba.” Kinuha ng tatlundaan ang mga banga at tambuli ng iba at

• **7.4** *Napakarami ng kasama mo.* Tulong sa atin ang salitang ito ni Yawe para pag-isipan at paniwalaan na ang maliit na minorya ng mga taong mulat at nakikibaka ang naghahanda at nagsasagawa ng mga tunay na rebolusyon.

pinauwi na ni Gideon ang mga ito. At tinapatan na ni Gideon at ng tatlundaang tauhan ang kampo ng mga Madianita na nasa ibaba ng lambak.

⁹Nang gabing iyon, sinabi ni Yawe sa kanya: “Bumangon ka at lumusong ka sa kampo sapagkat ibinigay ko na iyon sa iyong mga kamay. ¹⁰Ngunit kung natatakot kang lumusong na mag-isa, magpunta ka sa kampo na kasama ang utusan mong si Pura, ¹¹at pakinggan kung ano ang sinasabi nila roon. Palalaksin ka niyon at malulusob mo na ang kampo.” At lumusong nga siya kasama ang kanyang utusang si Pura sa hangganan ng kampo.

¹²Nasa lambak sina Madian at Amalek at lahat ng taga-Silangan, singkapal ng mga balang at di mabilang ang kanilang mga kamelyo, tulad ng buhangin sa pampang. ¹³Paglapit ni Gideon, tamang-tama namang isinasalaysay ng isang lalaki sa kanyang kasama ang kanyang panaginip. Narinig ni Gideon, “Nanaginip ako na isang malaking tinapay na sebada ang gumulong papunta sa kampo ng mga Madianita, hanggang makarating sa isang tolda, bumangga doon at ibinuwal ang tolda.” ¹⁴Sumagot ang kasama ng lalaki: “Walang maipapakahulugan doon maliban sa tabak ni Gideong anak ni Yoas na Israelita. Ibinigay na ng Diyos ang mga Madianita at ang buong kampo sa kanyang mga kamay.” ¹⁵Nang marinig ni Gideon ang salaysay ng panaginip at ang pakahulugan nito, lumuhod siya, nagbalik sa kampo ng Israel at sinabi: “Magsibangon kayo sapagkat ibinigay na ni Yawe sa inyong mga kamay ang kampo ng mga Madianita.”

¹⁶Hinati ni Gideon sa tatlong pangkat ang tatlundaan. At binigyan niya ang bawat isa ng trumpeta at mga bangang walang laman na nilagyan sa loob ng sulong may sindi. ¹⁷Sinabi niya sa mga kawal: “Tingnan ninyo ako, at gawin ang gagawin ko. Pagdating ko sa hangganan ng kampo, gayahin n’yo ako. ¹⁸Kapag hinipan ko at ng aking mga kasama ang trumpeta, hipan din ninyo ang inyong trumpeta sa paligid ng kampo, at sumigaw, ‘Para kina Yawe at Gideon!’”

¹⁹Kasama ang sandaang kawal, dumating si Gideon sa kampo ng mga Madianita samantalang nagrerelebo ang mga

tanod sa simula ng pagbabantay sa hattinggabi. ²⁰At binasag ng mga Israelita ang mga banga, hinawakan sa isang kamay ang sulo at hinipan ang trumpeta na hawak ng kabilang kamay. Matapos hipan ang mga trumpeta, sumigaw ang tatlong pangkat, “Para kina Yawe at Gideon!” ²¹Nanatili sa kani-kanyang puwesto ang bawat isa sa paligid ng kampo samantalang nagtatakbuhan ang mga Madianita, at nagsisigawan habang nagsisitakas. ²²Samantalang patuloy ang tatlundaang Israelita sa pag-hip sa trumpeta, pinapangyari ni Yaweng magpatayan ang mga Madianitang nasa kampo. Ang mga nakatakas ay nakarating sa Betsita, patungo sa Sereda, at umabot pa sa hangganan ng Abel Mehola, sa kabila ng Tabata.

²³At dumating ang mga Israelita mula sa tribu ng Neftali, Aser at ang buong Manases, at hinabol nila ang mga Madianita. ²⁴Nagpadala rin ng mga sugo si Gideon sa buong kabundukan ng Efraim upang sabihin: “Lumusong at labanan ang mga Madianita, at harangan ang mga lagusan hanggang sa Bet-bara at sa kahabaan ng Jordan.” Kayat nagsilabas ang lahat ng kalalakihan ng Efraim at sinakop ang mga sapa hanggang Bethara at ang kahabaan ng Jordan. ²⁵Binihag nila ang dalawang pinuno ng mga Madianita, sina Oreb at Zeeb. Pinatay nila si Oreb sa bato ni Oreb, at si Zeeb, sa pisaan ng ubas ni Zeeb. Hinabol nila ang mga Madianita at dinala ang mga ulo nina Oreb at Zeeb kay Gideon sa kabilang pampang ng Jordan.

Ikalawang kampanya ni Gideon

8 ¹Sinabi ng mga taga-Efraim kay Gideon: “Bakit hindi mo kami tinawag nang sumalakay ka sa mga Madianita?” Mahigpit ang kanilang pakikipagtalo sa kanya. ²Sinabi ni Gideon: “Ano ba ang ginawa ko kung ihahambing sa ginawa ninyo? Di ba’t mas mahalaga ang bungkos ng Efraim kaysa buong ani ng Abiezer?” ³Ibinigay ni Yawe ang mga pinuno ng Madianita – sina Oreb at Zeeb – sa inyong mga

kamay. Ano ang nagawa ko na maihahambing sa inyong ginawa?” Nang marinig nila ito, humupa ang kanilang galit.

⁴Narating ni Gideon at ng kanyang tatlungdaang kawal ang Jordan at tinawid iyon. Nahapo sila at nagutom. ⁵Kayatsinabi ni Gideon sa mga taga-Sukot: “Pakibigyan ng tinapay ang hukbong kasunod ko, sapagkat nahahapo at nagugutom sila, at hinahabol ko pa rin sina Zeba at Zalmuna, ang mga hari ng Madianita.”

⁶Ngunit sumagot ang mga pinuno ng Sukot: “Natalian mo na ba ang mga kamay nina Zeba at Zalmuna? Hindi kami puwedeng magbigay ng tinapay sa iyong hukbo” ⁷Sumagot si Gideon: “A, ganoon! Sa sandaling ibigay ni Yawe sa aking mga kamay sina Zeba at Zalmuna, babalalan ko kayo sa pamamagitan ng mga sanga ng matinik na halaman ng disyerto.”

⁸Mula roon, pumunta siya sa Penuel at ganoon din ang hiniling niya sa mga tagaroon. Ngunit katulad din ng tugon ng mga taga-Sukot ang kanilang sagot. ⁹Kayatsinabi ni Gideon: “Sa matagumpay kong pagbabalik, paguguhuin ko ang toreng ito.”

¹⁰Nasa Karkor sina Zeba at Zalmuna, kasama ang kanilang hukbong mga labinlimang libong kawal, na tanging nalabi sa mga taga-Silangan; sanda’t dalawampung libong mandirigma ang namatay! ¹¹Umahon si Gideon sa daan ng mga nomada, sa silangan ng Noba at Yogbea, at binigla ang di-nakakamalay na hukbo nina Zeba at Zalmuna. ¹²Tumakas sina Zeba at Zalmuna. Hinabol ni Gideon ang dalawa at binihag, at winatak-watak niya ang kanilang buong hukbo.

¹³Pagkatapos ng labanan, nagbalik si Gideon ang anak ni Yoas, at sa tabing bundok ng Heres siya dumaan. ¹⁴Nakadakip siya ng isang binatilyong taga-Sukot at inusisa ito. Isinulat ng

binatilyo ang mga pangalan ng pitumpu’t pitong pinuno at matatanda ng Sukot. ¹⁵Pinuntahan ni Gideon ang mga taga-Sukot at sinabi sa mga ito: “Narito sina Zeba at Zalmuna na ginamit ninyo para libakin ako nang sabihin ninyo: ‘Natalian mo na ba ang mga kamay nina Zeba at Zalmuna upang bigyan namin ng tinapay ang nagugutom mong mga kawal?’”

¹⁶Kayatsinabi niya ang mga pinuno ng bayan at pinarusahan ang mga taga-Sukot sa pamamagitan ng mga sanga ng matinik na halaman ng disyerto.

¹⁷Iginuho niya ang tore ng Penuel at pinatay ang mga tagaroon. ¹⁸At sinabi niya kina Zeba at Zalmuna: “Ano’ng itsura ng mga lalaking pinatay ninyo sa Tabor?” Sumagot ang mga ito: “Kapareho mo sila, mukhang mga anak ng hari.” ¹⁹Sumagot si Gideon: “Mga kapatid ko sila, mga anak ng aking ina. Buhay si Yawe, kaya kung hinayaan sana ninyo silang mabuhay ay hindi ko kayo papatayin.”

²⁰Sinabi niya sa kanyang panganay na lalaking si Yeter: “Maging matapang ka, patayin mo sila!” Ngunit hindi binunot ng binatilyo ang kanyang tabak; hindi siya nangahas sapagkat napakabata pa niya. ²¹Kayatsinabi nina Zeba at Zalmuna: “Tumayo ka at ikaw ang pumatay sa amin, sapagkat kung ano ang pagkalahak mo ay siya ring tapang mo.” Tumindig si Gideon at pinatay ang dalawa, at kinuha niya ang mga palamuting nasa leeg ng mga kamelyo ng mga ito.

Pagkakamali ni Gideon

• ²²Sinabi ng mga Israelita kay Gideon: “Ikaw ang nagligtas sa amin sa mga Madianita, kaya ikaw ang maging hari namin, at pagkatapos mo ay ang iyong mga anak at ang kanila pang magiging anak.

²³Ngunit sumagot si Gideon: “Hindi ako

• **8.22** Kailangang bumuo ng isang bansa ang mga Israelita, at maghahatid ang yugtong ito ng malaking pag-unlad pagkatapos ng kaguluhan ng mga tribung watak-watak at kanya-kanya. Sa kauna-unahang pagkakataon sa Biblia, mahihiwatigan natin sa 8:22-31 ang pagnanais na magkaroon ng hari.

Sobra sigurong panloloko ang ginawa ng mga pinuno sa mga nag-edit ng librong ito sa huling dantaon ng mga hari ng Jerusalem kayatsinabi niya ang lumipas na panahon nang wala pa silang mga hari ni tagapamahala. Naisip nila na bilang bayan ng Diyos, hindi kailangan ng Israel na magkaroon ng mga permanenteng pinuno gaya ng ibang mga bayan. At mas naging mabuti siguro kung nabuhay na lamang sila sa araw-araw, sa pananalig kay Yawe na magpapalitaw ng isang tagapagpalaya kung kailan kinakailangan.

Kaya binibigyang-pansin ng Aklat ng Mga Hukom ang pagtanggap ni Gideon na maging hari: *Si Yawe ang dapat na maging hari ninyo*. Sa kasamaampalad, humingi naman si Gideon ng ginto sa halip na kapangyarihan, at sa ganito sinira ng bayani ang lahat ng ginawa niya para sa kanyang bayan.

Malaking kabiguan ang lahat ng tagapagligtas na ito: sina Gideon, Barak, Yefte, Samson... at dito’y wala silang gaanong ipinag-iba sa marami sa mga kasalukuyang naghahangad palayain ang mga inaapi. Anong aral ngayon ang mapupulot natin sa mapapait na mga karanasang ito na inilalahad ng Banal na Aklat? Na walang silbi ang pagkilos sa pulitika kaya mabuti pang panalangin at katesismo na lamang ang pag-ukulan natin ng pansin? Ipauubaya na lang ba natin sa iba ang pakikibaka para sa katarungan? Pero nakasulat ang katarungan sa bawat pahina ng Biblia.

maghahari sa Israel, ni ang aking anak, sapagkat si Yawe ang maghahari sa inyo!”²⁴ At idinugtong ni Gideon: “May hihilingin lamang ako sa inyo. Bawat isa sa inyo ay magbigay sa akin ng hikaw mula sa inyong nasamsam.” Sinabi iyon ni Gideon sapagkat nagsusuot ng hikaw na ginto ang mga Madianita, tulad ng lahat ng Ismaelita.²⁵ Sinagot siya nila: “Buong-galak naming gagawin iyon.” Kaya inilatag ni Gideon ang kanyang balabal at bawat isa ay naghagis ng isang hikaw mula sa nasamsam ng mga ito.²⁶ Umabot sa sanlibo’t pitundaang pirasong ginto ang halaga ng mga hikaw na ginto; bukod pa ang hindi mabilang na mga alpiller, sinsing at mga mamahaling kasuotan ng mga hari ng mga Madianita, at ang kolyar ng mga kamelyo.²⁷ Sa pamamagitan ng salaping ito, gumawa ng diyus-diyusan si Gideon at inilagay sa kanyang bayan na Ofra. Nagsimulang magpunta sa pook na iyon ang mga tao mula sa lahat ng dako ng Israel, at tinalikuran nila si Yawe. Iyon ang patibong na kinahulugan ni Gideon at ng kanyang angkan.

²⁸ Sa kabila nito, ganap nang nagapi ang mga Madianita kayat naghari na ang kapayapaan sa Israel na tumagal nang apatnapung taon habang nabubuhay si Gideon.²⁹ Nagbalik sa Ofra si Gideon at nanatili sa kanyang bahay.³⁰ Nagkaroon siya ng pitumpung anak sapagkat marami siyang asawa.³¹ Nagkaanak din siya ng lalaki, na pinangalanan niyang Abimelek, sa isang babaeng taga-Sikem.

³² Si Gideong anak ni Yoas ay maligayang namatay sa kanyang katandaan, at inilagay sa libingan ni Yoas na kanyang ama, sa Ofra ng Abiezer.

³³ Pagkamatay ni Gideon, muling nagbili ng kanilang sarili ang mga Israelita sa mga Baal at ginawang diyos si Baal-Berit.³⁴ Hindi na nagunita ng mga Israelita si Yaweng kanilang Diyos, na nagligtas sa kanila mula sa mga kamay ng mga kaaway na nakapaligid sa kanila.³⁵ Hindi rin sila tumanaw ng utang na loob sa angkan ni Yerubaal-Gideon sa lahat ng kabutihang ginawa nito sa Israel.

Sa katunayan, pag pinag-uusapan ang pulitika, kapangyarihan ang pinag-uusapan. At pinasasama ng kapangyarihan ang mga tao na ang konsiyensya ay hindi matatag ang pagkahubog. Maliit ang maaasahan sa pulitika kung hindi maagang nahubog ang konsiyensya sa malusog na pamilya kung saan nadidiskubre ng bata ang pag-ibig at katapatan ng kanyang mga magulang (dalawang katangiang hindi kailanman pinaghihiwalay sa Biblia), at hindi nahubog ang mga magulang na handang gamitin ang kanilang awtoridad para pigilan ang kanyang mga kapritso.

Abimelek

9¹ Pumunta si Abimelek na anak ni Yeru baal sa Sikem, na kinaroroonan ng mga kapatid na lalaki ng kanyang ina, at sinabiniya sa mga ito at sa lahat ng kamag-anak sa ama ng kanyang ina:² “Itanong ninyo ito sa lahat ng pinuno ng Sikem: ‘Alin ang mas mabuti para sa inyo, ang pamahalaan kayo ng lahat ng pitumpung anak na lalaki ni Yerubaal, o ng isang tao lamang?’ Alalahanin ninyong kadugo ninyo ako.”

³ Ipinadala ng mga kapatid ng kanyang ina ang pahatid na ito sa lahat ng pinuno ng Sikem. Pumanig kay Abimelek ang mga pinuno ng Sikem, at sinabi: “Kapatid namin siya.”⁴ Kayat binigyan ng mga ito si Abimelek ng pitumpung pirasong pilak mula sa templo ni Baal-Berit, at sa pamamagitan niyon ay umupa si Abimelek ng mga bayarang mandarambong at isinama niya.⁵ Kasama ang mga iyon, nagpunta si Abimelek sa bahay ng kanyang ama sa Ofra, at pinatay niya sa ibabaw ng isang bato ang lahat ng kanyang kapatid, ang pitumpung anak ni Yerubaal. Tanging si Yoatam, ang bunsong anak ni Yerubaal, ang nakatakas sapagkat nakapagtago.⁶ At nagtipon ang mga pinuno ng Sikem at ang buong konseho sa dako ng ensina sa haligi sa Sikem, at itinalagang hari si Abimelek.

⁷ Pagkabalita nito kay Yoatam, umahon siya sa tuktok ng Bundok ng Gerizim. Doon niya isinigaw: “Pakinggan ninyo ako, mga pinuno ng Sikem, upang pakinggan kayo ng Diyos!

• ⁸ Minsa’y naghanap ang mga punungkahoy ng isang papahiran nilang hari. Sinabi nila sa puno ng olibo: ‘Maging hari ka namin.’⁹ Sumagot ang puno ng olibo: ‘Itatapon ko ba ang langis na nagagamit – salamat sa akin – upang pangalan ang mga diyos at tao, nang makapamahala ako sa mga punungkahoy?’

¹⁰ Sinabi ng mga punungkahoy sa puno ng igos: ‘Halika’t ikaw ang maghari sa amin.’

¹¹ Sumagot ang puno ng igos: ‘Iwanan ko ba ang aking katamisan at masarap na bunga upang makapamahala sa mga punungkahoy?’

Kaya nga darating ang panahon na bibigyan ng Diyos ng pangunahing kahalagahan ang paghubog ng pagkatao sa pamilya para sa mga mananampalataya: ang panahon ng mga aklat ng Karunungan at ng pagtupad sa Batas.

• **9.8** Isang matandang pabula ang isiningit sa 9:8-15 at inilagay sa bibig ni Yotam sa mahigpit na pagpuna sa kapangyarihan ng mga hari. Maliwanag ang aral: ang mga pinakawalang silbi ang pumapayag maghari.

¹² Sinabi ng mga punungkahoy sa baging: 'Halika't ikaw ang maging hari namin.' ¹³ Sumagot ang baging: 'Tatalikuran ko ba ang aking katas na nagpapasaya sa mga diyos at tao upang makapaghari sa mga punungkahoy?'

¹⁴ At sinabi ng mga punungkahoy sa dawag: 'Halika, maghari ka sa amin.' ¹⁵ Sinagot ng dawag ang mga punungkahoy: 'Kung naparito kayo nang buong-katapatan upang pahiran akong hari ninyo, lumapit kayo at sumilong sa aking lilim; ngunit kung hindi, magsiklab sana sa dawag ang apoy na tutupok maging sa mga sedro ng Lebanon.'

¹⁶ At ngayon, sabihin ninyo sa akin, naging tapat ba kayo at makatotohanan nang piliin ninyong hari si Abimelek? Mabuti ba ang ginawa ninyong pakikitungo kay Yerubaal at sa kanyang pamilya at ibinalik ba ninyo sa kanya ang nararapat niyang tanggapin ayon sa kanyang kabutihan?

¹⁷ Sapagkat ipinakipaglaban kayo ng aking ama, itinaya ang kanyang buhay mailigtas lamang kayo sa mga kamay ng mga Madianita.

¹⁸ At ngayo'y naghihimagsik kayo laban sa pamilya ng aking ama. Pinatay ninyo ang lahat ng pitumpung niyang anak sa ibabaw ng isang bato, at itinalaga ninyo si Abimelek na anak ng kanyang alipin, na maghari sa mga pinuno ng Sikem sapagkat kapatid ninyo siya. ¹⁹ Kung naging makatarungan at tapat kayo kay Yerubaal at sa kanyang pamilya ngayon, maging maligaya sana si Abimelek sa inyo at kayo, sa kanya. ²⁰ Ngunit kung hindi, magbuga sana ng apoy si Abimelek upang lamunin ang lahat ng pinuno ng Sikem, at ang kanilang konseho; at magbuga rin sana ng apoy ang kanilang konseho upang lamunin naman si Abimelek."

²¹ Tumakas sa Beer si Yoatam upang maligtas at doon siya nanirahang malayo sa kanyang kapatid na si Abimelek.

²² Naghari si Abimelek sa Israel nang tatlong taon. ²³ Ngunit nagsugo si Yawe ng isang espiritu ng hindi pagkakaunawaan kay Abimelek at sa mga pinuno ng Sikem; at pinagtaksilan ng mga pinuno ng Sikem si Abimelek. ²⁴ Ginawa ito ni Yawe upang maipaghiganti ang pitumpung anak ni Yerubaal. Pinapanagot si Abimelek sa dugo ng mga kapatid niyang kanyang pinatay, gayundin ang mga pinuno ng Sikem na tumulong sa kanya upang patayin ang kanyang mga kapatid.

²⁵ Upang pinsalain si Abimelek, nanambang ang mga pinuno ng Sikem sa kabundukan at dinambong ang sinumang magdaan. Ipinagbigay-alam ito kay Abimelek.

²⁶ At dumating si Gaal na anak ni Ebed, ka-

sama ang kanyang mga kapatid, at natamo ang pagtitiwala ng mga pinuno ng Sikem. ²⁷ Isang araw, nagpunta sila sa bukid, namitas ng ubas at pinisa iyon. At nagkaroon sila ng handaan sa templo ng kanilang diyos. Isinumpa nila si Abimelek habang nagkakainan at nag-iinuman. ²⁸ At sinabi ni Gaal na anak ni Ebed: "Sino ba si Abimelek sa mga taga-Sikem upang paglingkuran natin siya? Anak lamang naman siya ni Yerubaal at tenyente lamang niya si Zebul. Paglingkuran natin ang tauhan ni Hamor na ama ni Sikem. Bakit natin paglilingkuran si Abimelek?"

²⁹ Kung hawak ko lamang ang bayang ito, patatalsikin ko si Abimelek at sasabihin ko sa kanya: 'Palakasin mo ang iyong hukbo, lumabas ka rito at lumaban!'"

³⁰ Galit na galit si Zebul na gobernador ng lunsod nang mabalitaan ang balak ni Gaal na anak ni Ebed. ³¹ Lihim siyang nagpadala ng mga sugo kay Abimelek at sinabi: "Dapat mong malaman na si Gaal na anak ni Ebed ay dumating na kasama ang kanyang mga kapatid sa Sikem at pinapaghihimagsik niya ang lunsod laban sa iyo. ³² Kayat tumayo ka, isama mo ang iyong mga tauhan at manambang sa bukid. ³³ Bukas ng umaga, sa pamimitak ng araw, salakayin mo ang lunsod. Kapag hinarap ka ni Gaal, na kasama ang kanyang mga tauhan, gawin mo sa kanya ang gusto mo."

³⁴ Lumakad kinagabihan si Abimelek, kasama ang lahat niyang tauhan at apat na pangkat silang nanambang sa Sikem. ³⁵ Nang lumabas si Gaal na anak ni Ebed at tumindig sa bungad ng lunsod, lumabas naman si Abimelek at ang mga kawal mula sa kanilang pinagtatagan.

³⁶ Nakita ni Gaal ang mga kawal at sinabi kay Zebul: "Tingnan mo, may mga taong bumababa mula sa tuktok ng kabundukan." Ngunit sumagot si Zebul: "Anino ng bundok ang nakikita mo. Akala mo lamang ay mga tao." ³⁷ Sinabing muli ni Gaal: "Tingnan mo, may mga taong bumababa mula sa dakong gitna ng lupain, at may isang pangkat pang nanggagaling naman mula sa Puno ng mga Manghuhula." ³⁸ At sinabi ni Zebul: "Di ba't sinabi mo: 'Sino si Abimelek upang paglingkuran natin siya?' Di ba't ang mga taong iyan ang kinamumuhian mo? Harapin mo sila ngayon at labanan."

³⁹ Lumabas si Gaal at namuno sa mga taga-Sikem upang labanan si Abimelek. ⁴⁰ Tumakas si Gaal ngunit hinabol ni Abimelek, at marami ang napatay bago nakarating sa mga pintuan. ⁴¹ Nagbalik si Abimelek sa Aruma, at itinaboy ni Zebul si Gaal at ang mga kapatid nito at hindi niya pinayagang manirahan sa Sikem.

Pagkawasak ng Sikem

⁴²Kinabukasan, pumunta sa bukid ang mga taong-bayan. Ipinaalam ito kay Abimelek, ⁴³kay tinawag niya ang kanyang tauhan, hinati sa tatlong pangkat at nanambang sa bukid. Nang makita niya ang mga tao na palabas sa lunsod, sinalakay niya ang mga ito at nilupig. ⁴⁴Sumalakay muli ang pangkat na kasama ni Abimelek at kinubkob ang lagusan sa mga pintuan ng lunsod; sinalakay naman ng ibang pangkat ang mga nasa bukirin. ⁴⁵Maghaponng sinalakay ni Abimelek ang lunsod. Kinubkob niya ang lunsod at pinatay ang lahat ng tagaroon. Iginuho niya ang lunsod at binudburan iyon ng asin.

⁴⁶Nang mabalitaan ito ng mga naninirahan sa Tore ng Sikem, nagpunta sila sa silid sa ilalim ng lupa ng templo ng El-Berot. ⁴⁷May nagsabi kay Abimelek na magkakasama ang mga naninirahan sa Tore ng Sikem, ⁴⁸kay umakyat siya sa Bundok ng Zalmon, kasama ang lahat ng kanyang kawal. Kumuha siya ng isang palakol, pumutol ng sanga ng isang punungkahoy at pinasan iyon. Pagkatapos ay sinabi niya sa mga kasama niyang kawal: “Nakita na ninyo ang ginawa ko, kayat gawin din ninyo.” ⁴⁹Kayat pumutol ng mga sanga ang lahat ng kanyang kawal, at sumunod sa kanya. Tinipon nila ang mga sanga sa ibabaw ng silid na nasa ilalim ng lupa at sinilaban iyon sa ibabaw ng mga taong nasa loob. Kayat ang lahat ng naninirahan sa Tore ng Sikem – mga sanlibong lalaki at babae – ay namatay.

Kamatayan ni Abimelek

⁵⁰Nilabanan din ni Abimelek ang Tebes, sinalakay iyon at sinakop. ⁵¹Ngunit may isang matibay na tore sa loob ng lunsod at doon nagtago ang lahat ng lalaki’t babae, lahat ng taga-lunsod. Ipininid nila iyon sa loob at nagsituloy sa bubungan ng tore. ⁵²Dumating si Abimelek sa tore upang sumalakay, at lumapit siya sa pinto, na ang balak ay sunugin iyon. ⁵³Ngunit isang babae ang nagbagsak ng isang gilingangbato sa kanyang ulo at nabasag ang kanyang

bungo. ⁵⁴Tinawag niya kapagdaka ang kanyang tagapagdala ng sandata at sinabi rito: “Hugutin mo ang iyong tabak at patayin mo ako para hindi nila masabing ‘Isang babae ang pumatay sa kanya!’” Kayat sinaksak siya ng kanyang tagapagdala ng sandata, at namatay. ⁵⁵Nang makita ng mga Israelita na patay na si Abimelek, umuwi na ang bawat isa.

⁵⁶Sa gayon, ibinalik ng Diyos kay Abimelek ang kasamaang ginawa niya sa kanyang ama nang patayin niya ang kanyang pitumpung kapatid. ⁵⁷Pinapagbayad din ng Diyos ang mga taga-Sikem sa lahat nilang kasamaan. Sa gayon, natupad ang sumpa ni Yotam, na anak ni Yerubaal.

Tola, Yair at Yefte

10 • ¹Pagkamatay ni Abimelek, si Tola na anak ni Pua na anak naman ni Dodo, ang nakapagligtas sa Israel. Kabilang siya sa tribu ng Isacar at naninirahan sa Semir, sa kabundukan ng Efraim. ²Naging hukom siya ng Israel nang dalawampu’t tatlong taon, at nang mamatay siya ay inilibing sa Samir.

³Pagkatapos niya, si Yair ng Galaad ang namuno sa Israel nang dalawampu’t dalawang taon. ⁴Tatlumpu ang kanyang anak na lalaki na nakasakay sa tatlumpung asno, at may tatlumpung bayan na hanggang sa panahong ito ay tinatawag na mga bayan ni Yair, sa lupain ng Galaad. ⁵Nang mamatay si Yair, inilibing siya sa Kamon.

⁶Minsan pa, ginawa ng mga Israelita ang masama sa paningin ni Yawe; pinaglingkuran nila ang mga Baal at ang Astarot, ang mga diyos ng Aram at Sidon; ang mga diyos ng Moab, ang mga diyos ng mga Amonita at ang mga diyos ng mga Pilisteo. Pinabayaan nila si Yawe at

• **10.1** May kanya-kanyang mga problema ang bawat tribu. Nagkaroon ng mga tagapagligtas sa iba’t ibang lugar, na pagkatapos ng isang tagumpay ay pinarangalan bilang mga “Hukom” sa buong buhay nila: si Gideong taga-Manases, si Tolang taga-Isacar; si Yair na taga-Galaad.

Isinasalaysay mula 10:6 hanggang 12:7 ang istorya ni Yefte. Binibigyang-diin sa introduksyon, 10:6-18, ang kahalagahan ng mga pangyayaring ito.

Mapapansin ang walang-sawang pag-ibig ni Yawe na laging nagpapatawad. Sa pagdami ng mga kasalanan, sinasabi ni Yawe: “*Hindi ko na kayo ililigtas uli*”; ngunit katulad ng dati, *hindi matitiis ng Diyos ang paghihirap ng Israel*. Kung inirereklamo natin ang pagsasawalang-kibo ng Diyos sa harap ng kasalukuyang pang-aapi at kawalang-katarungan, ito’y sapagkat hindi natin makita na kapwa nakikibahagi sa responsabilidad at sa kasalanan ang mang-aapi at ang inaapi.

hindi na nila pinaglingkuran. ⁷Nag-alab laban sa Israel ang poot ni Yawe, kayat ibinigay niya ang mga ito sa kamay ng mga Pilisteo at mga Amonita.

⁸Sa loob ng labingwalong taon, niligalig at siniil ng mga ito ang lahat ng Israelitang naninirahan sa kabilang ibayo ng Jordan sa lupaing Amorreo ng Galaad. ⁹Tumawid din ang mga Amonita sa Jordan upang salakayin ang Juda, ang Benjamin at ang mga taga-Efraim. Hirap na hirap ang Israel.

¹⁰Nang panahong iyon, tumawag ang mga Israelita kay Yawe: “Nagkasala kami sa iyo, sapagkat itinakwil namin si Yaweng aming Diyos, upang maglingkod sa mga Baal.” ¹¹Sinabi naman ni Yawe sa mga Israelita: “Nang pinahirapan kayo ng mga Ehipsiyo, Amorreo, Amonita, Pilisteo, ¹²ng mga Sidonio, Amalekita at Madianita, at tumawag kayo sa akin, di ba’t iniligtas ko kayo sa kanilang mga kamay? ¹³Ngunit sa kabila nito, pinabayaan ninyo ako at naglingkod kayo sa ibang mga diyos. Kayat hindi ko na kayo ililigtas pang muli. ¹⁴Sulong, at tumawag kayo sa mga diyos na pinili ninyo. Baka maililigtas nila kayo sa panahon ng inyong kagipitan.”

¹⁵Sinagot ng mga Israelita si Yawe: “Nagkasala kami. Gawin mo na sa amin ang gusto mo, iligtas mo lamang kami ngayon.” ¹⁶At inalis nila ang mga dayuhang diyus-diyusan at pinaglingkuran si Yawe. At hindi na niya matiis pa ang paghihirap ng Israel.

• **11.1** Isa sa mga mas kontrobersyal na tagapagligtas sa Biblia si Yefte. Puno siya ng sama ng loob sa kanyang mga kapatid na humamak sa kanya. Walang buting dulot sa bayan ng Israel ang pakikidigma niya sa tribu ng Efraim. At sa dakong huli, ang kanyang panatang isakripisyo ang sinuman sa kanyang pamilya ay naaayon sa kaugalian ng mga paganong Kananeo na bale-wala kung isakripisyo ang kanilang mga anak. Ngunit mababasa pa rin natin: *Nakay Yefte ang Espiritu ni Yawe*.

Nang panahong iyon, ang lakas ni Yawe na higit sa lakas ng tao ang ibig sabihin ng Espiritu na siyang nagbubunsod sa tao sa paggawa ng kabayanihan. Hindi lamang sa mga relihiyosong seremonya o sa mga

¹⁷Nagtipun-tipon ang mga Amonita at nagkampo sa Galaad. Nagtipun-tipon din ang mga Israelita at nagkampo sa Mizpa. ¹⁸Doon nagtanungan ang mga taumbayan at ang mga pinuno ng Galaad: “Sino’ng mamumuno sa ating lahat sa pakikipaglaban sa mga Amonita? Sinuman siya, gagawin natin siyang pinuno ng lahat ng taga-Galaad.”

11 • ¹Magiting na mandirigma si Yefteng taga-Galaad. Babaeng bayaran ang kanyang ina, at si Galaad naman ang kanyang ama. ²Ngunit nagkaanak din ng mga lalaki ang asawa ni Galaad, at nang magsilaki sila ay pinalayas nila si Yefte at sinabi: “Wala kang kaparte ni anumang mamanahin sa sambahayan ng aming ama, sapagkat anak ka ng ibang babae.” ³Tumakas si Yefte sa kanyang mga kapatid at pumunta sa lupain ng Tob. Sumama siya doon sa isang pangkat ng mga bayarang mandirigma na nakasama niya sa panloloob. ⁴Sumapit ang sandaling dinigma na ng mga Amonita ang Israel. ⁵Kayat nagpunta kay Yefte ang mga matatanda ng Galaad sa lupain ng Tob, ⁶at sinabi sa kanya: “Sumama ka sa amin at pamunuan mo ang aming mga tao sa paglaban sa mga Amonita.”

⁷Sumagot si Yefte sa mga matatanda ng Galaad: “Di ba’t kayo ang nagpalayas sa akin sa bahay ng aking ama sapagkat kinamumuhian ninyo ako? Bakit ninyo ako nilalapitan ngayong nagigipit kayo?”

taong relihiyoso, sa mga propeta o mga pari kumikilos ang Espiritu ni Yawe. Kumikilos ito sa “pagbabago sa mukha ng sangkalupaan” (Salmo 104) sa pamamagitan ng mga taong biniyayaan ng lakas at kapangyarihan para sa mga makasaysayang gawain na magsusulong sa Kaharian ng Diyos. Kung mins’y itinuturing natin kahit mali na parang mga santo ang mga tagapagpalaya sa ating panahon, gayong hindi naman nila laging isinasabuhay ang pananampalataya o kinkilala si Kristo. Mas magiging wasto sana kung sa mga “hukom” natin sila ikukumpara, na sa kabila ng kanilang mga limitasyon ay pinaglingkuran pa rin ang mga plano ng Diyos, “sa pagbubunsod ng Espiritu ni Yawe.”

⁸Sinagot siya ng mga matatanda ng Galaad: “Pinuntahan ka nga namin upang ikaw ang mamuno sa amin sa paglaban sa mga Amonita. Ikaw ang gusto naming mamuno sa buong Galaad.” ⁹Sumagot si Yefte: “Kapag hiniling ninyo sa aking bumalik upang kalabanin ang mga Amonita at ipinagkaloob sa akin ni Yawe ang tagumpay, ako na ang mamumuno sa inyong lahat.” ¹⁰At sinabi sa kanya ng mga matatanda: “Dinggin sana kami ni Yawe! Sumpain kami kapag hindi namin tinupad ang aming sinabi!”

¹¹Kayatsama si Yefte sa mga matatanda ng Galaad at ginawa siyang pinuno at heneral ng bayan, at inulit ni Yefte sa harapan ni Yawe sa Mizpa ang lahat ng kanyang hinihingi.

¹²Nagpadala ng mga sugo si Yefte sa hari ng mga Amonita upang sabihin: “Ano’ng gusto mong palabasin at sinalakay mo ako sa sarili kong lupain?” ¹³Sumagot ang hari sa mga sugo: “Nang umahon ang mga Israelita mula sa Ehipto, sinakop nila ang aking bansa, mula sa Arnon hanggang sa Yabok at sa Jordan. Kayat kusang-loob mo nang ibalik ito.”

¹⁴Muling nagpadala ng mga sugo si Yefte sa hari ng mga Amonita ¹⁵at sinabi: “Ito ang sabi ni Yefte: ‘Hindi inagaw ng Israel ang lupain ng Moab o ang lupain ng mga Amonita. ¹⁶Nang umahon sila mula sa Ehipto, dumaan ang mga Israelita sa disyerto hanggang sa Dagat ng Tambo at sumapit sa Kades. ¹⁷At nagpadala ng mga sugo ang Israel sa hari ng Edom, at sinabi: ‘Padaanin mo kami sa iyong lupain.’ Ngunit hindi sila pinansin ng hari ng Edom. Nagpasab rin sila sa hari ng Moab, at tumanggi rin ito. Kayat nanatili sa Kades ang mga Israelita. ¹⁸Dumaan sila sa disyerto, niligid ang lupain ng Edom at Moab, at sinapit ang silangan ng lupain ng Moab. Nagkampo sila sa kabilang ibayo ng Arnon, sapagkat ang Arnon ang hangganan ng Moab. ¹⁹At nagpadala ng mga sugo ang Israel kay Sihong hari ng mga Amorreo na nama-mahala sa Hesbon, at sinabi: ‘Padaanin mo kami sa iyong lupain papunta sa amin.’ ²⁰Ngunit walang tiwala si Sihon sa Israel at di niya sila

payagang makiraan; tinipon niya ang lahat ng kanyang tauhan at nagkampo sa Yahaz at sinalakay ang Israel. ²¹Si Sihon at ang lahat ng kanyang tauhan ay ibinigay ni Yaweng Diyos ng Israel sa kamay ng mga Israelita. Ginapi sila ng Israel at sinakop ang buong lupain ng mga Amorreo naninirahan doon. ²²Kayatsama nila ang buong lupain ng mga Amorreo mula sa Arnon hanggang sa Yabok, at mula sa disyerto hanggang sa Jordan.

²³Kayatsama si Yaweng Diyos ng Israel ang nagpalayas sa mga Amorreo para sa kanyang bayang Israel, at ngayo’y ikaw ang magpapalayas sa amin? ²⁴Di ba’t hawak na ninyo ang lahat ng ibinigay sa inyo ng inyong diyos na si Kamos? Kayat hahawakan din namin ang lahat ng ibinigay sa amin ni Yaweng aming Diyos. ²⁵Madadaig mo pa ba si Balak na anak ni Zipor na hari ng Moab? Nasalakay ba niya ang Israel? ²⁶Tatlundaang taong naninirahan ang mga Israelita sa Hesbon at sa mga lunsod na umaasaron. Nanirahan din sila sa Aroer at sa mga bayan at sa lahat ng mga lunsod sa magkabilang pampang ng Jordan. Bakit hindi mo binawi ang mga ito noon? ²⁷Wala akong ginawang masama sa iyo, ngunit masama ang ginagawa mong pagsalakay. Magpasiya sa araw na ito si Yaweng Hukom sa mga anak ng Israel at sa mga anak ng Ammon.”

²⁸Ngunit hindi pinansin ng hari ng mga Amonita ang pahatid ni Yefte.

Ang anak na babae ni Yefte

• ²⁹Pinuspos si Yefte ng Espiritu ni Yawe. Pumunta siya sa Galaad at tumuloy sa Manases, dumaan sa Mizpa ng Galaad at pumasok sa lupain ng mga Amonita.

³⁰Gumawa ng panata si Yefte kay Yawe: “Kapag pinapagtagumpay mo ako, ³¹ihandog ko sa iyo ang unang lalabas sa aking bahay upang salubungin ako mula sa pakikidigma. Ito’y para kay Yawe at iaalay ko ito sa pamamagitan ng apoy.”

³²Tumawid si Yefte sa lupain ng mga Amonita upang labanan ang mga ito, at ibinigay sila ni Yawe sa kanyang kamay. ³³Hinabol niya ang mga ito mula sa Aroer

• 29. Isinasalaysay ng Biblia nang walang anumang paliwanag ang panata ni Yefte. Nakikita natin dito ang pagkakamaling pagsisisihan ng isang bayani.

hanggang sa Minit at Abel Keramim, at sinakop ang dalawampung bayan. Napakadakila ng panalong iyon at sinakop ng Israel ang mga Amonita.

³⁴Nang magbalik si Yefte sa kanyang tahanan sa Mizpa, sinalubong siya ng kanyang anak na babae. Sa galak nito na makita ang ama, sumayaw ang kanyang anak sa saliw ng tamburin nito. Tanging anak ito; walang ibang anak si Yefte, lalaki man o babae.

³⁵Nang makita ni Yefte ang anak, winarak niya ang kanyang damit at napahimutok siya: “Anak ko, winasak mo ang buhay ko; binigyan mo ako ng masamang kapalaran. Sapagkat nakagawa ako kay Yawe ng isang panata ng kahangalan, at ngayon, hindi ko na mababawi pa.” ³⁶Sumagot ito: “Ama, nakagawa man kayo ng panata ng kahangalan, kailangang gawin mo sa akin ang ayon sa iyong ipinangako, sapagkat ipinaghiganti ka ni Yawe sa iyong mga kaaway. ³⁷Ang hiling ko lamang ay bayaan mong mabuhay pa ako ng dalawang buwan, kasama ang aking mga kaibigan sa kabundukan. Doon ako mananaghoy sapagkat hindi na ako makapag-aasawa pa.” ³⁸Sinabi ni Yefte sa anak: “Sige, humayo ka.” At pinabayaan ni Yefte na makalayo ang anak nang dalawang buwan. Nagpunta ang dalaga at ang mga kasamahan sa kabundukan at doon nanangis sapagkat hindi na siya makapag-aasawa pa.

³⁹Makaraan ang dalawang buwan, nagbalik ang dalaga sa ama, at tinupad ni Yefte ang kanyang panata. Hindi nakakilala kailanman ng lalaki ang dalaga. Dito nagsimula ang isang kaugaliang Israelita ⁴⁰na ang mga anak na dalaga ng Israel ay apat na araw na nagluluksa taun-taon upang gunitain ang anak na dalaga ni Yeftengtaga-Galaad.

12

¹Nagtipun-tipon ang mga kalalakihan ng Efraim, tumawid sa Jordan pahilaga at sinabi kay Yefte: “Bakit ka sumalakay sa mga

Amonita nang hindi man lamang kami ipinagsama? Susunugin ka namin sa iyong bahay.”

²Sumagot si Yefte: “Kami ng aking bayan at ang mga Amonita ay nagkaroon ng matinding alitan. Hiningan ko kayo ng tulong, ngunit hindi ninyo ako sinagip sa kanilang mga kamay.

³Nang makita kong walang tutulong sa akin, isinuong ko sa panganib ang aking buhay at lumaban ako sa mga Amonita, at ibinigay sila ni Yawe sa aking mga kamay. Kaya bakit kayo umahon para kalabanin ako ngayon?”

⁴At tinipon ni Yefte ang lahat ng kalalakihan ng Galaad at sinalakay ang Efraim. Nilupig ng mga taga-Galaad ang mga taga-Efraim, na nagsabi: “Kayong mga taga-Galaad ay mga takas na tumawid mula sa Efraim at Manases.”

⁵Sinakop ng mga taga-Galaad ang mga mababaw na bahagi ng Jordan at hinarangan ang daan. Tuwing may takas mula sa Efraim na nagsabi: “Padaanin mo ako,” tinatanong siya ng mga taga-Galaad: “Taga-Efraim ka ba?” Kapag sumagot: “Hindi po,” ⁶idurugtong ng mga taga-Galaad: “Kung gayon, sabihin mo, ‘Shibolet.’”

Ngunit sasabihin naman: “Sibolet”, sapagkat hindi ito mabigkas nang wasto ng mga taga-Efraim. Kayat bibihagin ito at gigilitan ng lalamunan sa mababaw na bahagi ng Ilog Jordan. Apatnapu’t dalawang libong taga-Efraim ang napatay nang panahong iyon.

⁷Anim na taong naging hukom ng Israel si Yefte. Namatay siya at inilibing sa kanyang sariling lunsod ng Mizpa sa Galaad.

⁸Pagkatapos niya namuno sa Israel si Iban ng Betlehem. ⁹May tatlumpu siyang anak na lalaki at tatlumpung babae. Ang tatlumpu niyang anak na dalaga ay ipinakasal niya sa mga lalaking hindi kabilang sa kanilang lipi, at nagdala naman siya ng tatlumpung babaing hindi rin kalipi para sa kanyang mga anak na lalaki. Hukom siya ng Israel nang pitong taon. ¹⁰Pagkamatay ni Iban ay inilibing siya sa Betlehem.

¹¹Pagkatapos, si Elon na taga-Zabulon ang namuno sa Israel. Sampung taon siyang namahala sa Israel. ¹²At namatay siya at inilibing sa Ayalon sa lupain ng Zabulon.

¹³Pagkatapos ni Elon, si Abdon na anak ni Hillel ng Piraton ang namuno sa Israel. ¹⁴Apatnapu ang anak na lalaki ni Abdon at tatlumpu ang apong lalaki na sumakay sa pitumpung asno. Hukom siya ng Israel nang walong taon.

¹⁵At namatay siya at inilibing sa Piraton, sa kabundukan ng Efraim, sa bundok ng mga Amorreo.

Ang pagsilang ni Samson

13 ¹Muling gumawa ng masama ang mga Israelita kay Yawe, kayat inilagay sila sa mga kamay ng mga Pilisteo nang apatnapung taon.

²May isang lalaking taga-Sora sa angkan ng Dan na ang pangalan ay Manoa. Hindi nagkaanak ang kanyang asawang baog. ³Nagpakita sa babae ang Anghel ni Yawe at sinabi sa kanya: “Baog ka at hindi makapagsisilang, ngunit maglililihi ka at magsisilang ng isang anak na lalaki. ⁴Kaya’t mula ngayon ingatan mong huwag uminom ng alak o anumang inuming nakalalasing, o kumain ng di-malinis na pagkain, ⁵sapagkat isisilang mo ang isang anak na lalaki. Huwag gugupitin ang kanyang buhok sapagkat siya’y nazir, na itinalaga kay Yawe mula sa sinapupunan ng kanyang ina. Siya ang magsisimulang magligtas ng mga Israelita sa mga Pilisteo.”

⁶Lumapit ang babae sa kanyang asawa at sinabi: “Isang sugo ng Diyos ang lumapit sa akin. Tulad ng isang anghel ng Diyos sa karilagan ang kanyang mukha. Hindi ko siya tinanong kung saan siya nanggaling at hindi rin niya sinabi ang kanyang pangalan. ⁷Ngunit sinabi niya: ‘Maglililihi at magsisilang ka ng isang anak na lalaki. Huwag kang iinom ng alak o inuming nakalalasing mula ngayon, at huwag kakain ng di-malinis na pagkain, sapagkat ang iyong anak ay magiging Nazir ni Yawe mula sa sinapupunan ng kanyang ina hanggang sa araw ng kanyang kamatayan.’”

⁸Sumamo si Manoa kay Yawe at sinabi: “Hinihiling ko, aking Panginoon, na muling papuntahin sa amin ang lingkod ng Diyos na

isinugo mo upang maituro sa amin ang dapat naming gawin sa batang isisilang.” ⁹Dininig ni Yawe si Manoa at muling dumating ang Anghel ni Yawe sa babae habang nakaupo siya sa bukid at hindi rin kasama si Manoa.

¹⁰Tumakbo kapagdaka ang babae sa kanyang asawa at sinabi: “Tingnan mo’t nagpakita sa akin ang lalaking dumating sa akin noong isang araw.” ¹¹Tumindig si Manoa at sumunod sa kanyang maybahay. Nilapitan niya ang lalaki at sinabi: “Ikaw ba ang lalaking nakipag-usap sa babaing ito?”

Sumagot siya: “Ako nga.” ¹²Sinabi sa kanya ni Manoa: “Kapag natupad ang sinabi mo, anong kautusan at panuntunan ang kailangang sundin ukol sa bata?”

¹³Sinabi ng Anghel ni Yawe kay Manoa: “Iwasan ng babae ang lahat ng tinukoy ko sa kanya. ¹⁴Huwag siyang titikim ng anumang galing sa ubas, o iinom ng alak o anumang inuming nakalalasing, huwag siyang kakain ng anumang di-malinis na pagkain, at gagawin niya ang lahat ng iniutos ko sa kanya.”

¹⁵At sinabi ni Manoa sa Anghel ni Yawe: “Bayaan mong pigilin ka namin at maghahanda kami ng isang batang kambing para sa iyo.” (Hindi alam ni Manoa na Anghel siya ni Yawe.)

¹⁶Ngunit sinabi ng Anghel ni Yawe kay Manoa: “Papigil man ako, hindi ko rin titikman ang inyong pagkain. Ngunit kung gusto ninyong mag-alay ng sinunog na handog, ialay ninyo iyon kay Yawe.” ¹⁷Kayate tinanong ni Manoa ang Anghel ni Yawe: “Ano’ng pangalan mo, at nang maparangalan ka naman namin kapag nagkatoong ang sinabi mo?” ¹⁸Sumagot ang Anghel ni Yawe: “Bakit mo itinatanong ang aking pangalan? Ito’y Kahanga-hanga.” ¹⁹At kinuha ni Manoa ang isang batang kambing at butil at inialay sa bato bilang sinunog na handog kay Yawe na gumagawa ng mga kahanga-hangang bagay.

²⁰At samantalang nakamasid si Manoa at ang kanyang maybahay, may apoy na biglang nag-alab mula sa altar patungo sa kalangitan, at pumaitaas ang Anghel ni Yawe sa gitna ng liyab.

Pagkakita niyon ni Manoa at ng kanyang maybahay, nagpatirapa sila sa lupa. ²¹Nawala

• **13.1** Narito ang apat na kabanata sa mga “istorya” tungkol kay Samson. Isa lamang siyang tagabukid na may medyo extraordinaryong lakas na nakipaglaban sa mga Pilisteo para sa sariling kapakanan. Alamat na lamang ang marami niyang kabayanihan.

Sinasabing himala ang pagsilang ni Samson. Ipinanganak siya ng mag-asawang baog, ayon sa gawi ng

Diyos na nakita na natin sa anak ni Abraham (Gen 18) at siya ring ilalahad pagdating kay Samuel (1 S 1), at pati kay Juan Bautista (Lc 1:5).

Kailangang maging *Nazireo* ang bata, ibig sabih’y nakatalaga sa Diyos ayon sa napakatandang seremonya sa Biblia (Blg 6:1). Ang pagtatalagang ito sa Diyos ang magiging bukal ng kanyang lakas.

ang Anghel ni Yawe sa paningin ni Manoa at ng kanyang maybahay, at nabatid ni Manoa na iyon ang Anghel ni Yawe. ²² At sinabi niya sa kanyang maybahay: “Tiyak na mamamatay tayo sapagkat nakita na natin ang Diyos.” ²³ Sumagot ang babae: “Kung hinahangad ni Yaweng patayin tayo, hindi sana niya tinanggap ang sinunog na handog o ang alay mula sa ating kamay; hindi sana niya ipinakita ang lahat ng ito, at hindi sana niya sinabi ang ating narinig.”

²⁴ Nagsilang ng isang anak na lalaki ang babae at pinangalanan itong Samson. Lumaki ang bata at binasbasan ni Yawe. ²⁵ At sinimulan ng Espiritu ni Yawe na pakilusin ang bata nang ito ay nasa Mahane Dan sa pagitan ng Zora at Estaol.

Ang kasaysayan ni Samson

14 ¹ Lumusong si Samson sa Timna at nakakita ng isang babaeng Pilistea. ² Nagbalik siya sa kanyang ama at ina at sinabi: “Nakakita ako ng isang Pilistea sa Timna; kunin ninyo siya upang maging maybahay ko.” ³ Sinabi ng kanyang ama at ina: “Wala ka bang mapili sa mga anak na babae ng iyong mga kapatid at kababayan at kukuha ka pa ng asawa mula sa mga Pilisteong di tuli?”

Sinabi ni Samson sa kanyang ama: “Kunin mo siya sapagkat siya ang kasiya-siya sa akin.” ⁴ Hindi alam ng ama at ng ina na galing ito kay Yawe na makakalaban sa mga Pilisteo; sapagkat nasasakop ng mga Pilisteo ang Israel nang panahong iyon.

⁵ At lumusong si Samson sa Timna. Nang sumapit siya sa mga ubasan sa Timna, isang umaangil na batang leon ang sumugod sa kanya. ⁶ Nilukuban ng Espiritu ni Yawe si Samson at niluray niyang parang bisirong kambing ang leon sa pamamagitan ng kanyang mga kamay. ⁷ Ngunit hindi niya isinalaysay sa kanyang ama o ina ang kanyang ginawa. At paglusong niya kinausap ang babaeng nagustuhan niya.

⁸ Hindi nagtagal, pagbalik niya upang kunin ito, lumiko siya upang tingnan muna ang bangkay ng leon. At may kawan ng pukyutan sa loob nito. ⁹ Kinayod ni Samson ng kamay ang pulot-pukyutan at kinain iyon habang lumalakad.

Nang makabalik siya sa kanyang mga magulang, binigyan niya ang mga ito ng pulot-pukyutan at kinain din iyon. Ngunit hindi niya ipinagtapat na kinuha niya ang pulot-pukyutan sa bangkay ng leon. ¹⁰ At lumusong ang ama ni Samson sa babae. Naghandog si Samson ng malaking handaan, na nakaugalian ng mga

kabataan. ¹¹ Nang makita siya ng mga Pilisteo, binigyan siya ng mga ito ng tatlumpung kalalakihan para maging abay niya sa kasalan.

¹² Sinabi ni Samson sa mga kalalakihan: “Bibigyan ko kayo ng isang bugtong. Kung malutas ninyo ito sa loob ng pitong araw ng handaan, bibigyan ko kayo ng tatlumpung tuniko at tatlumpung kasuotang lino. ¹³ Ngunit kung hindi ninyo malutas, ako ang bibigyan ninyo ng tatlumpung tuniko at tatlumpung kasuotang lino.” Sumagot sila: “Sabihin mo ang iyong bugtong; nakikinig kami.”

¹⁴ Sinabi ni Samson: “Mula sa kumakain ay nanggaling ang pagkain; at mula sa malakas, matamis ay lumabas.” ¹⁵ Tatlong araw na ang nakaraan at hindi pa nahuhulaan ang bugtong. Kayat sa ikapat na araw, sinabi nila sa maybahay ni Samson: “Akitin mo ang iyong asawa na ipaliwanag sa amin ang bugtong, kung hindi ay susunugin ka namin, pati ang pamilya ng iyong ama. Inanyayahan ba ninyo kami upang bawian?”

¹⁶ Nagsimulang manangis ang maybahay ni Samson at nagpatirapa sa kanya, at sinabi: “Ayaw mo sa akin, hindi mo na ako mahal. Binigyan mo ng bugtong ang mga kabataang lalaki ng aking bayan, ngunit hindi mo ipinaliwanag sa akin.” Sinabi ni Samson: “Kung hindi ko ipinaliwanag iyan sa aking mga magulang, sa iyo pa kaya?” ¹⁷ Pitong araw na umiyak ang babae habang may handaan. Sa ikapitong araw, ipinaliwanag na ni Samson ang bugtong sapagkat nababagot na siya sa kanya. At ipinaliwanag naman ito ng babae sa kanyang mga kababayan.

¹⁸ Sa ikapitong araw, bago siya pumasok sa kanilang silid, sinabi ng mga taumbayan kay Samson: “May tatamis pa ba kaysa pulot-pukyutan? May lalakas pa ba kaysa leon?” Sinabi naman ni Samson: “Kung hindi ninyo ipinang-araro ang aking baka ay hindi pa ninyo mahuhulaan ang aking bugtong.”

¹⁹ At nilukuban siya ng Espiritu ni Yawe. Lumusong siya sa Askalon, at pagkapatay sa tatlumpung lalaki, hinubaran sila at ibinigay ang mga damit sa mga nagpaliwanag ng bugtong. At galit na galit siyang umahon sa bahay ng kanyang ama ²⁰ kaya napabigay ang asawa ni Samson sa isa sa kanyang abay.

15 ¹ Hindi nagtagal, sa panahon ng pag-aani ng trigo, dinalaw ni Samson ang kanyang maybahay. May dala siyang bisirong kambing, at sinabi niya: “Gusto kong makasarilinan ang aking asawa sa aming silid.” Ngunit hindi siya

pinapasok ng ama ng babae, ² at sinabi: “Akala ko’y ayaw mo na sa kanya kayat ibinigay ko siya sa abay mo. Hindi ba mas mabuti ang kanyang nakababatang kapatid na babae? Kaya kunin mo ito sa halip niya.” ³ Sumagot si Samson: “Ngayo’y wala na akong magiging utang sa mga Pilisteo, pinsalain ko man sila.”

⁴ Lumabas si Samson at humuli ng tatlungdaang asong-gubat, kumuha ng mga sulo at itinali nang dala-dalawa sa buntot ang mga hayop. At kinabitan niya ng sulo ang pagitan ng bawat dalawang pinagbuhol na buntot, ⁵ sinindihan ang mga sulo at pinawalan ang mga asong-gubat sa mga bukirin ng trigo ng mga Pilisteo. Kayat nasunog niya ang mga naani na at ang hindi pa naaani, gayundin ang mga ubasan at taniman ng olibo.

⁶ Tinanong ng mga Pilisteo: “Sino ang may kagagawan nito?” At sumagot ang ilan: “Si Samson, ang manugang ng lalaking taga-Timna, sapagkat kinuha ng matanda ang kanyang asawa at ibinigay sa abay niya.” Kayat pinuntahan ng mga Pilisteo ang babae at sinunog siya at ang kanyang pamilya. ⁷ Sinabi ni Samson sa mga Pilisteo: “Sa ginawa ninyong ito, hindi ako titigil hangga’t hindi ako nakapaghihiganti.” ⁸ Natalo niya ang mga ito at walang awang pinagpapatay. At lumusong siya sa isang yungib sa batuhan ng Etam at doon nanirahan.

⁹ Umahon naman ang mga Pilisteo sa kabundukan ng Juda at sinalakay ang Lehi. ¹⁰ Tinanong sila ng mga kalalakihan ng Juda: “Bakit kayo naparito’t sinalakay kami?” Sumagot ang mga Pilisteo: “Naparito kami upang bihagin si Samson, at gawin sa kanya ang ginawa niya sa amin.”

¹¹ Tatlong libong kalalakihan ng Juda ang lumusong sa yungib sa batuhan ng Etam at sinabi kay Samson: “Hindi mo ba alam na ang mga Pilisteo ang naghahari sa atin? Ano itong ginawa mo sa amin?” Sumagot siya: “Ginawa ko lamang sa kanila ang ginawa nila sa akin.”

¹² Sinabi ng kalalakihan: “Naparito kami upang igapos ka at ibigay sa mga Pilisteo.” Sinabi ni Samson: “Isumpa ninyo sa akin na hindi kayo ang papatay sa akin.” ¹³ Sinagot siya: “Igagapos ka lamang namin at ibibigay sa kanila, ngunit hindi ka namin papatayin.” Iginapos nga siya sa

dalawang bagong lubid at inilabas mula sa batuhan. ¹⁴ Pagdating nila sa Lehi, sinalubong siya ng mga Pilisteo, na naghihiyawan sa kaniyang tagumpay. Ngunit nilukuban si Samson ng Espiritu ni Yawe. Ang mga lubid na nakatali sa kanya ay natulad sa mga hibla ng lino na nasunog, at lumuwag ang mga gapos sa kanyang mgabisig. ¹⁵ Nakakita siya ng sariwa pang panga ng isang asno, dinampot niya iyon at ginamit sa pagpatay sa sanlibong tao. ¹⁶ At sinabi ni Samson: “Pininsala sila ng panga ng asno, binugbog ko ang sanlibo ng panga ng asno.”

¹⁷ Pagkasabi nito, itinapon niya ang panga; kaya tinawag na Ramat-Lehi ang lugar na iyon. ¹⁸ At nakaramdam siya ng masidhing uhaw. Tumawag siya kay Yawe, at sinabi: “Malaking tagumpay ang ibinigay mo sa iyong lingkod. Ngayo’y mamamatay na lamang ba ako sa uhaw at mahuhulog sa mga kamay ng mga dituli?”

¹⁹ Kayat biniyak ni Yawe ang kuweba sa Lehi at tumulo mula roon ang tubig. Uminom si Samson; nanumbalik ang kanyang lakas at muli siyang sumigla. Dahil dito, tinawag na Enhakoro ang bukal na naroon pa rin sa Lehi.

²⁰ Naging hukom ng Israel si Samson sa loob ng dalawampung taon, sa panahon ng mga Pilisteo.

16 ¹ Nang magpunta si Samson sa Gaza, nakakita siya ng isang babaeng bayaran at pumasok siya sa tinitirhan nito. ² Nang mapasabihan ang mga kalalakihan ng Gaza na dumating si Samson, nagronda sila at tinambangan si Samson sa pintuan ng lunsod. Magdamag silang nanahimik, at nag-isip: “Hihintayin natin ang madaling-araw upang patayin siya.” ³ Ngunit hanggang hatinggabi lamang natulog si Samson. Nang maghatinggabi, bumangon siya at tinanggal ang mga pinto ng pintuang-lunsod kasama ang trangka. Pinasan niya ang mga iyon at dinala sa ituktok ng burol na katapat ng Hebron.

Samson at Delila

• ⁴ At umibig si Samson sa isang babang nasa lambak ng Sorec; ang pangalan

• **16.4** Matapos ipakilala si Samson bilang “superman” na laging nananalo sa mga Pilisteo, ipinapakita naman ngayon ng istorya na natalo siya ng isang babae.

Sinabi ni Samson kay Delila ang kanyang pagkatalaga sa Diyos bilang Nazireo. Sa kanya’y may parteng nakareserba kay Yawe na siyang bukal ng kanyang di-pangkaraniwang lakas.

Kahinaan ng mga bayani. Ipinagkatiwala ni Samson ang kanyang sarili, kaluluwa’t katawan sa isang babaeng hindi naman nagmamahal sa kanya.

Mababasa natin sa iba pang lugar sa Biblia: “Mabuting sarilinin na lamang ang lihim ng Hari” at “Huwag mong ihagis ang iyong mga perlas sa mga baboy kung hindi’y tatapakan lamang nila ang mga iyon at hihi-gan.”

nito'y Delila. ⁵Umahon ang mga pinuno ng Pilisteo at nagsabi sa kanya: "Akitin mo siya at tuklasin kung saan niya kinukuha ang kanyang lakas at nang magapi namin siya at maigapos. Kung magkaka-gayon magbibigay kami sa iyo ng sanlibo't isandaang pirasong pilak."

⁶Kayat tinanong ni Delila si Samson: "Pakisabi mo nga sa akin kung saan galing ang iyong lakas at paano kang maigapos ng iba at magagapi?" ⁷Sinagot siya ni Samson: "Kapag tinalian ako ng pitong bago at hindi pa natutuyong kuwerdas, magiging mahina ako tulad ng sinuman."

⁸Nagpadala ang mga pinuno ng Pilisteo kay Delila ng pitong bagong kuwerdas na hindi pa pinatutuyo, at itinali ni Delila si Samson. ⁹May mga lalaking nakatago sa tirahan ni Delila, at sumigaw siya: "Samson, may dumarating na mga Pilisteo!" Nilagot ni Samson ang mga kuwerdas na tulad sa sinunog na sinulid. At hindi natuklasan kung saan nanggagaling ang lakas ni Samson.

¹⁰At sinabi ni Delila kay Samson: "Ginawa mo akong tanga, at nagsinungaling ka sa akin. Sabihin mo na sa akin, paano ka nila maigapos?" ¹¹Sinagot siya ni Samson: "Kapag ginapos ako ng pitong bagong-tirintas na lubid na hindi pa naga-gamit, magiging mahina ako tulad ng sinuman." ¹²Kayat ginapos nga siya ni Delila ng pitong bagong-tinirintas na lubid. Ngunit nang sumigaw si Delila na: "Heto na ang mga Pilisteo!" muling nilagot ni Samson ang mga lubid na nakagapos sa kanyang mga bisig na tila sinulid lamang. ¹³Kayat sinabi ni Delila: "Hanggang kailan mo ako lolokohin at pagsinungalingan? Sabihin mo na sa akin kung paano ka mapipigilan." Sumagot si Samson: "Kapag hinabi mo ang pitong tirintas ng aking buhok sa habihan at hinigpitan ng isang aspili, magiging mahina ako tulad ng sinuman." ¹⁴Pinatulog ni Delila si Samson at hinabi nila ang pitong

tirintas ng buhok ni Samson sa habihan at nilagyan ng aspili. At sumigaw si Delila: "May dumarating na mga Pilisteo!" Nagising si Samson at hinatak niya ang habihan sa pamamagitan ng kanyang tirintas. At hindi rin nalaman ni Delila kung saan nanggagaling ang lakas ni Samson.

¹⁵Kaya sinabi ni Delila: "Sabi mo, mahal mo ako, ngunit wala sa akin ang iyong puso. Tatlong ulit mo na akong nililinlang. Hindi mo pa sinasabi sa akin kung ano ang pinanggagalingan ng iyong di-karaniwang lakas." ¹⁶Naging mapilit si Delila at inuukilkil araw-araw ng mga katanungan si Samson, hanggang mapagod siya at parang mamamatay. ¹⁷Kayat ipinagtapat na niya ang katotohanan: "Kailanman ay hindi nagugupit ang aking buhok sapagkat ako ay isang Nazir na itinalaga na sa Diyos mula pa sa sinapupunan ng aking ina. Kapag ginupit ang aking buhok ay mawawala na ang aking lakas at magiging mahina ako tulad ng sinuman."

¹⁸Naunawaan ni Delila na ipinagtapat na sa kanya ni Samson ang lahat, kayat tinawag niya ang mga pinuno ng Pilisteo at sinabi: "Halikayo, sapagkat ipinagtapat na sa akin ni Samson ang lahat." Kaya dumating sa kanya ang mga pinuno na dala ang salapi. ¹⁹Pinatulog ni Delila si Samson sa kanyang kandungan at tinawag niya ang isang lalaki upang gupitin ang pitong tirintas ng buhok nito. Kaagad niyang nasupil ito: nawala nga ang kanyang lakas.

²⁰Nang sumigaw si Delila: "Samson, may mga Pilisteo!" nagising si Samson at akala niya'y maililigtas niya ang kanyang sarili, tulad nang dati. Hindi niya alam na lumayo sa kanya si Yawe. ²¹Kayat nahuli siya ng mga Pilisteo, dinukit ang kanyang mga mata at iniahon siya sa Gaza. Doon siya iginapos ng dalawang kadenang tanso at pinapag-ikot ng gilingan sa bilangguan. ²²Subalit kaagad na nagsimulang tumubo ang buhok ni Samson pagkagupit dito.

Ang kamatayan ni Samson

²³ Nagtipun-tipon ang mga pinuno ng Pilisteo upang mag-alay ng isang dakilang handog sa kanilang diyos na Dagon, at nagkaroon sila ng malaking handaan, at sinabi: “Inilagay ng aming diyos sa aming mga kamay ang aming kaaway na si Samson!” ²⁴ Nakita nga siya ng mga tao, at nagpuri sila sa kanilang diyos: “Inilagay ng aming diyos sa aming mga kamay ang aming kaaway na si Samson na nagwasak sa aming lupain at pumatay sa marami sa amin.”

²⁵ Nang nagsasaya na ang lahat, sinabi nila: “Ilabas si Samson upang aliwin kami!” Tinawag si Samson sa bilangguan, at inaliw sila.

Noon nila siya inilagay sa pagitan ng mga haligi. ²⁶ At sinabi ni Samson sa batang lalaking umaakay sa kanya: “Dalhin mo ako sa dakong mahihipo ko ang mga haligi ng bahay na ito, at nang makasandal naman ako sa mga iyon.” ²⁷ Ang bahay ay puno ng mga lalaki at babae. Naroon din ang mga pinuno ng mga Pilisteo, at naroon rin sa bubungan ang mga tatlong libong lalaki at babae na natutuwang manood sa palabas ni Samson.

²⁸ Tumawag si Samson kay Yawe at sumigaw: “Yawe, aking Panginooon, alalahanin mo naman ako at ibalik mo ang aking lakas kahit sa pagkakataong ito lamang upang maipaghiganti ko ang aking mga mata sa mga Pilisteo.”

²⁹ Kinapa ni Samson ang dalawang panggitnang haligi na kinasasalalayan ng bahay, itinukod ang kanang bisig sa isang haligi at ang kaliwa naman ay sa kabila,

³⁰ at sumigaw: “Bayaan mong mamatay akong kasama ng mga Pilisteo!” Ubos-lakas siyang tumulak at bumagsak ang bahay sa mga pinuno at mga taong nagtipun-tipon doon. Higit na marami ang mga isinama niya sa kanyang kamatayan kaysa napatay niya sa buong buhay niya.

³¹ Lumusong ang kanyang mga kapatid at ang sambahayan ng kanyang ama upang kunin ang kanyang bangkay. Inilagay siya sa libingan ng kanyang amang si Manoa, sa pagitan ng Zora at Estaol. Naging hukom siya ng Israel nang dalawampung taon.

Ang kasaysayan ni Mikaya

17 • ¹ May isang lalaking nagngangalang Mikaya sa kabundukan ng Efraim na ² nagsabi sa kanyang ina: “Ang sanlibo’t isandaang pirasong pilak na nawala sa iyo at isinumpa mo ang nagnakaw ay ako talaga ang kumuha. At ngayon nga, isinasauli ko sa iyo.” ³ Sumagot ang kanyang ina: “Basbasan nawa ni Yawe ang aking anak!” At isinauli ni Mikaya ang sanlibo’t isandaang pirasong pilak sa kanyang ina.

Ngunit sinabi ng kanyang ina sa kanya: “Inihandog ko na ang salaping ito kay Yawe, upang makagawa ang aking anak ng isang imaheng yari sa metal. Kayat ibinabalik ko sa iyo ang pilak na ito.”

⁴ Gayunman, ibinalik ni Mikaya ang pilak sa kanyang ina at itinabi niya ang dalawandaang piraso para sa platero, na siyang gumawa ng imaheng yari sa metal. At inilagay ito sa bahay ni Mikaya. ⁵ Kayat nagkaroon si Mikaya ng Bahay ng Diyos. Gumawa rin siya ng efod upang makasangguni kay Yawe, at mga diyus-diyusan, at itinalaga niya ang isa sa kanyang mga anak na lalaki bilang kanyang pari. ⁶ Nang panahong iyon, wala pang hari sa Israel kayat sumunod ang bawat isa sa sariling palagay.

• **17.1** Nagtatapos ang Aklat ng Mga Hukom sa dalawang karaniwang istorya tungkol sa buhay ng Israel nang panahong iyon. Matapos purihin ng sumulat ang nagdaang panahon na hindi kinakailangan ang mga hari (tingnan ang 8:22), kinikilala naman niya ang mga kasamaang hatid ng pagkakagulo.

Sa mga kabanata 17-18, dahil sa kawalan ng namumuno sa relihiyon, ginagawa ng mga pari ang kanilang maibigan. Alalahanin natin na nang panahong iyon,

ang mga lalaki ng tribu ng Levi ang nakatalaga sa paglilingkod kay Yawe (tingnan ang Blg 3).

Isa sa mga lugar sa Biblia ang 18:27 na nagbibigay-pansin sa ipinapakitang kawalang-pakialam sa harap ng matinding masaker. Hindi pa alam ng mga Israelita noon ang pagpapahalaga sa buhay ng tao, maging kaaway man nila o kasamahan. Bale-wala ang sinuman, ang kabuuan lamang bilang bayan ang mahalaga. Para lamang pagsunog ng isang gubat ang pagpuksa sa isang bayang banyaga.

⁷ Isang binatilyong Levita na taga-Betlehem sa Juda ang naninirahan doon bilang dayuhan. ⁸ Nilisan niya ang Betlehem isang araw at naghahanap ng pook na maaari niyang tirahan bilang panauhin. Nakarating siya sa bahay ni Mikaya sa kabundukan ng Efraim, ⁹ at tinanong siya ni Mikaya: “Taga-saan ka?” Sumagot siya: “Ako’y isang Levitang galing sa Betlehem; naghahanap ako ng matutuluyan bilang dayuhan.” ¹⁰ Sinabi sa kanya ni Mikaya: “Dito ka na tumira sa bahay ko at tumayo kang ama at pari ko. Bibigyan kita ng sampung pirasong pilak taun-taon, damit at pagkain.” Kayat tumuloy sa bahay ni Mikaya ang Levita.

¹¹ Pumayag ang Levitang tumira sa bahay ni Mikaya at itinuring siyang tunay na anak. ¹² Itinalaga ni Mikaya ang Levita bilang pari at nanatili ito sa kanyang bahay. ¹³ At sinabi ni Mikaya: “Ngayon ay natitiyak kong pagpapalain ako ni Yawe sapagkat pari ko na ang Levitang ito.”

18 ¹ Walang hari ang Israel nang panahong iyon. Naghahanap ng lugar na matitirahan ang tribu ng Dan, sapagkat hanggang nang araw na iyon, hindi pa sila tumatanggap ng pamana sa mga tribu ng Israel. ² Kayat pumili sila sa kanilang tribu ng limang magiging na lalaki mula sa Zora at Estaol upang maniktik sa lupain. Sinabi nila sa mga ito: “Humayo kayo at maniktik sa lupain.” Nakarating ang mga lalaking ito sa kabundukan ng Efraim, sa malapit sa bahay ni Mikaya at doon sila nagpalipas ng gabi.

³ Dahil malapit sila sa bahay, nakilala nila ang tinig ng binatilyong Levita, kayat pumasok sila. Tinanong nila ang Levita: “Sino ang nagsama sa iyo rito? Ano ang ginagawa mo sa lugar na ito? Bakit ka narito?” ⁴ Sumagot ang Levita: “Ganito’t ganoon ang ginawa para sa akin ni Mikaya. Inupahan niya ako at pari ako para sa kanya.” ⁵ Sinabi nila sa Levita: “Isangguni mo sa Diyos kung magiging matagumpay o hindi ang aming paglalakbay.” ⁶ Sumagot ang pari: “Humayo kayong mapayapa, pinapatnubayan kayo ni Yawe sa inyong paglalakbay.”

⁷ Umalis ang limang lalaki at nagpunta sa Lais. Nakita nila na ligtas na naninirahan ang mga tao sa lugar na iyon ayon sa kaugalian ng mga Sidonio – mga tahimik at mapagtiwalang mga tao – at walang sinumang nanggugulo. Malayo sila sa mga Sidonio at walang pakikipag-ugnayan kaninuman.

⁸ Pagbalik nila sa Zora at Estaol, tinanong sila ng kanilang mga kapatid: “Ano ang dala nin-yong balita?” ⁹ Sumagot sila: “Halikayo’t lusubin

natin sila sapagkat napakainam na lugar ang aming nakita. O, bakit wala kayong imik? Huwag kayong mag-atubiling sakupin ang lupaing iyon. ¹⁰ Pagdating ninyo roon, matatagpuan ninyo roon ang isang tahimik na bayan. Malawak ang lupain at ibinigay na ng Diyos sa ating mga kamay ang lugar na ito na sagana sa lahat ng bagay.”

¹¹ Kayat animnaraang nasasandatahang kalalakhian ng tribu ng Dan ang lumabas mula sa Zora at Estaol; ¹² umahon sila at nagkampo sa Kiryat-yearim sa Juda. Dahil dito, tinatawag na Kampo ni Dan ang lugar na iyon hanggang sa panahong ito; nasa likuran iyon ng Kiryat-yearim. ¹³ Mula roon nila binagtas ang kabundukan ng Efraim at nakarating sa bahay ni Mikaya.

¹⁴ At kinausap ng limang lalaking naniktik sa lupain ang kanilang mga kapatid at sinabi: “Hindi ba ninyo alam na sa isa sa mga bahay na ito ay may efod para pansangguni kay Yawe, mga maliit na diyus-diyusan at isang imaheng yari sa metal? Ngayon’y alam na ninyo ang dapat ninyong gawin.”

¹⁵ Pumaroon sila at pumasok sa bahay ng binatilyong Levita, na siya ring bahay ni Mikaya. Binati nila ito ¹⁶ samantalang nakatayo sa may tarangkahan ang animnaraang nasasandatahang Daneong kasama nila. ¹⁷ Pumanhik ang limang lalaking unang naniktik sa lupain at pumasok sa bahay ni Mikaya, ¹⁸ at kinuha nila ang imahen, ang efod at ang mga maliit na diyus-diyusan, samantalang nakatayong kasama ng mga nasasandatahang kawal ang pari sa tarangkahan. Tinanong sila ng pari: “Ano ang ginagawa ninyo?” ¹⁹ Sumagot ang mga ito: “Tumahimik ka! Tutupin mo ng palad mo ang bibig mo at sumama ka sa amin. Magiging ama at pari ka namin. Mas mabuti bang maging pari sa bahay ng iisang tao o pari ng isang tribu ng Israel?”

²⁰ Nasiyahan ang pari, kayat kinuha niya ang efod, ang mga maliliit na diyus-diyusan at ang imahen, at sumama sa mga kawal.

²¹ Nagpatuloy sila sa kanilang paglalakbay, at nasa unahan nila ang mga kababaihan, bata, mga kawan at mahahalagang bagay. ²² Malayo na sila sa bahay ni Mikaya nang magsimulang magsigawan ang mga tao sa mga kalapit-bahay at hinabol sila. ²³ Ngunit binalingan ng mga taga-Dan si Mikaya at sinabi: “Ano ang nangyayari at nagsisisigaw ka?” ²⁴ Sumagot si Mikaya: “Kinuha na ninyo ang mga diyus-diyusan na ginawa ko, sumama pa sa inyo ang aking pari. Ano pa ang maiiwan sa akin? At ako pa ngayon ang tatanungin ninyo: ‘Ano ang nangyayari sa

iyoy?”²⁵ Sumagot ang mga taga-Dan: “Mabuti pang tumahimik ka na lamang at baka daluhungin ka ng mga mainit ang ulo at patayin ka at ang iyong sambahayan.”²⁶ Nagpatuloy ang mga taga-Dan, at umuwi naman si Mikaya, nang makitang higit na malakas kaysa kanya ang mga ito.

²⁷ Dala na ng mga taga-Dan ang mga diyus-diyusang ginawa ni Mikaya, at ang pari nito, at sinalakay nila ang Lais, isang bayang tahimik at mapagtiwala. Pinatay nila sa saksak ang mga tagaroon at sinunog ang bayan.²⁸ Walang tumulong sa mga ito sapagkat malayo ang mga ito sa Sidon, at walang pakikipag-ugnayan kaninuman. Ang bayang ito ay nasa lambak na humahangga sa Bet-rehob.

²⁹ Itinayong muli ng mga taga-Dan ang bayan at doon na sila nanirahan, at pinangalanan nila iyong Dan, bilang alaala sa kanilang ninunong si Dan, na anak ni Israel, bagamat ang bayan ay dating tinatawag na Lais.³⁰ Naglaan sila ng isang lugar para sa imahen, at naging pari ng tribu ng Dan si Yonatang inapo ni Gersom na anak ni Moises, at ang kanyang mga anak hanggang itaboy sila sa lupain.³¹ Inilagay nila roon ang imaheng ginawa ni Mikaya at nanatili ito roon habang nasa Silo naman ang Bahay ng Diyos.

Ang krimen sa Gibeá

19 • ¹ Nang panahong iyon, wala pang hari sa Israel, may isang Levitang naninirahan sa hangganan ng kabundukan ng Efraim na kumuha ng isang asawang alipin mula sa Betlehem sa Juda.² Nagtaksil sa kanya ang babaeng ito at nagbalik sa bahay ng ama sa Betlehem sa Juda. Nanatili roon ang babae nang apat na buwan.³ Pinuntahan siya ng kanyang asawa upang dalawin at pakiusapan na magbalik sa kanilang tahanan. Nagsama ang lalaki ng isang katulong at dalawang asno.

Pinatuloy ang lalaki ng kanyang asawa sa bahay ng ama nito; nagagalak ang ama nang makita ang kanyang manugang⁴ at hinimok

siya na manatili roon kaya tumigil siya nang tatlong araw. Kumain at uminom sila at doon nagpalipas ng gabi.⁵ Sa ikapat na araw, gumising sila nang maaga at naghanda na ang Levita sa pag-alis. Ngunit sinabi ng ama ng babae sa kanyang manugang: “Kumain ka muna ng tinapay upang manumbalik ang iyong lakas, at pagkatapos makalalakad ka na.”

⁶ Naupo ang dalawa at nagsimulang kumain at uminom. At sinabi ng biyenan: “Dito ka na magpalipas ng gabi at mag-aliw.”⁷ Ngunit tumindig din ang Levita upang umalis. Nagpilit ang kanyang biyenan, kayat doon na rin siya nagpalipas ng gabi.

⁸ Sa ikalimang araw, maaga na naman siyang gumising upang umalis, ngunit sinabi sa kanya ng ama ng babae: “Magpaubaya ka na at dumito hanggang gabi.” Kayat muli silang nagsalo sa pagkain.⁹ Ngunit nang tumindig ang lalaki, ang babae at ang katulong upang umalis, sinabi ng biyenan sa manugang: “Tingnan mo, tanghali na. Dito na kayo magpalipas ng gabi at magpakasaya. Bukas ng umaga na kayo umalis at nang makauwi.”¹⁰ Ngunit tumanggi ang Levita na doon palipasin uli ang gabi, kayat tumayo siya, umalis at nagpunta sa tapat ng Yebus o Jerusalem. Isinama niya ang kanyang dalawang asno, ang babae at ang katulong.

¹¹ Gumagabi na nang makarating sila sa malapit sa Yebus. Kayat sinabi ng katulong sa kanyang panginoon: “Huwag na tayong magtuloy pa, sa halip ay magpunta tayo sa bayan ng mga Yebuseo at doon na tayo magpalipas ng gabi.”¹² Sumagot ang lalaki: “Huwag tayong magtuloy sa isang banyagang lunsod na walang Israelita; sa Gibeá tayo pupunta.” At idinugtong niya: ¹³ “Halika, lumapit tayo sa isa sa mga bayan doon. Sa Gibeá o sa Rama tayo magpalipas ng gabi.”¹⁴ Nagpatuloy sila sa paglalakbay, at palubog na ang araw nang dumating sila sa tapat ng Gibeá ng Benjamin.¹⁵ Tumabi sila at nagpalipas ng gabi doon. Nagpunta ang Levita sa liwasang-bayan, ngunit walang sinumang nagpatuloy sa kanila.¹⁶ At may isang

• **19.1** Katulad na katulad ang krimeng ito sa nasa Gen 19. Mahalaga rin para dito ang sinasabi sa paliwanag doon tungkol sa sagot ng may-ari ng bahay. Ang mga bersikulo 24-25 at 27-28 ay kakila-kilabot na patotoo sa daan-daang dantaon nang pagtingin ng mga lalaki sa mga babae: ganap na iresponsabilidad at paghamak.

Hangga't walang namumuno sa lahat o isang haring “maghuhukom,” nadarama ng bawat pamilya at bawat tribu na obligado silang ipagtaggol at ipaghiganti ang kanilang mga kalahi. Wala nang iba pang paraan para ipagtaggol ang sinuman sa isang bayang walang

namumuno. Sa ganitong sitwasyon, ang isang krimen ay maaaring mauwi sa pagdidigmaan ng mga tribu, gaya ng nangyari sa halimbawang isinasalaysay rito. Lubos na binibigyang-diin ng salaysay ang digmaan at pagkawasak ng Benjamin (hindi natin kailangang paniwalaan talaga ang mga bilang).

Isang aral lamang ang gustong ibigay sa atin dito: sa kabila ng lahat ng kasalanan at pagkakamali ng Benjamin, hindi ito maglalaho ni isa man sa labindalawang tribu na pamana ni Yawe. Sa kabila ng mga pagsubok na sila rin ang may gawa, lagi pa ring may iligtas na malalabi.

matandang lalaking dumating mula sa paggawa sa bukid. Sa kabundukan ng Efraim siya nanggaling at naninirahan bilang panauhin sa Gibeab, taga-Benjamin nga ang mga tagarito. ¹⁷ Paglingon ng matanda, napansin niya ang dayuhan sa liwasang-bayan at sinabi niya: “Tagasaan ka ba at saan ka papunta?” ¹⁸ At sumagot ito: “Nagdaraan lamang kami, sapagkat galing kami sa Betlehem ng Juda at papunta kami sa hangganan ng kabundukan ng Efraim na tinitirhan ko. Nagpunta ako sa Betlehem ng Juda at ngayon ay pauwi na ako. Ngunit dito, walang sinumang nagpatuloy sa akin. ¹⁹ Gayunman, mayroon kaming dayami at damo para sa aming mga asno, at tinapay at alak para sa akin, sa aking maybahay at sa kasama naming binitilyo. Wala na kaming kailangan pa.”

²⁰ Sinabi ng matandang lalaki: “Sumaiyo ang kapayapaan. Ibigay ko ang lahat ng inyong kailangan, huwag ka lamang magpalipas ng gabi rito sa liwasang-bayan.” ²¹ Isinama ng matandang lalaki ang mga panauhin sa kanyang bahay at binigyan ng damo ang mga asno. Naghugas ng paa ang mga manlalakbay, at nagsikain at nagsiinom sila.

²² Habang nag-aaliw sila, pinaligiran ng mga buhong na kalalakihan ng lunsod ang bahay, pumukpok sa pinto at sinabi sa matandang lalaking may-ari ng bahay: “Ilabas mo ang lalaking tumuloy sa iyong bahay at nang mahalay namin siya.” ²³ Lumabas ang may-ari ng bahay, hinarap sila at nagsabi: “Huwag, mga kapatid ko, huwag ninyo siyang gawan ng masama. Tumuloy dito sa bahay ko ang lalaking ito, kayat huwag ninyo siyang gagawan ng masama. ²⁴ Narito ang aking anak na dalaga pa at ang asawang alipin niya. Ilalabas ko sila at gahasain ninyo sila at gawin na ninyo ang makasisiya sa inyo, ngunit huwag ninyong gawin sa lalaking ito.” ²⁵ Ngunit hindi pinakinggan ng mga lalaki ang matanda, kayat inilabas ng panauhin ang asawang alipin. Magdamag nila itong ginahasa at hinalay. Madaling-araw na nang iwan ito.

²⁶ Nang mag-uumaga na, dumating ang babae at napahandusay sa pintuan ng bahay ng matanda, na kinaroroonan ng kanyang asawa. Nanatili siya roon hanggang bukan-liwayway. ²⁷ Bumangon ang kanyang asawa nang umagang iyon, binuksan ang pinto ng bahay at lumabas upang umalis. At nakita niya ang babae ng nakahandusay sa bungad ng bahay at ang mga kamay ay nakakapit pa sa pintuan. ²⁸ Sinabi niya sa babae: “Bumangon ka at aalis na tayo.” Ngunit walang naging tugon. Kayat isinakay ito ng lalaki sa kanyang asno at umuwi na sila.

²⁹ Pagdating niya sa bahay, kumuha siya ng isang kutsilyo at hinawakan ang kanyang asawa, at hiniwa-hiwa niya sa mga kasu-kasuan at hinati sa labindalawang piraso na ikinalat sa buong lupain ng Israel. ³⁰ Iniutos niya sa kanyang mga sugo: “Sabihin ninyo ito sa mga Israelita: ‘Hanggang sa araw na ito, nakakita na ba kayo ng tulad nito mula nang lumabas ang mga Israelita sa lupain ng Ehipto? Pag-isipan ninyo ito. Sumangguni kayo at magpasya.’” Lahat ng nakasaksi dito ay nagsabi: “Hanggang sa araw na ito, wala pang nangyayaring tulad nito o may nakita na kaming tulad nito mula nang umalis ang mga Israelita sa lupain ng Ehipto.”

20 ¹ Kayat nagtipun-tipon sa harapan ni Yawe sa Mizpa, na tila iisang tao, ang lahat ng anak ng Israel, ang buong pamayanan mula sa Dan hanggang Beer-seba, kabilang ang lupain ng Galaad. ² Dumalo sa kapulungan ng bayan ng Diyos ang lahat ng pinuno ng lahat ng bayan at tribu ng Israel: apatnaraang libong kalalakihang nagsilakad, at lahat ay may dalang tabak.

³ Nalaman na rin ng mga pinuno ng tribu ng Benjamin na umahon na sa Mizpa ang mga Israelita.

Sinabi ng mga Israelita: “Sabihin ninyo sa amin kung paano nangyari ang krimeng ito.” ⁴ Nagsalita ang Levitang asawa ng babaeng pinatay: “Dumating ako sa Gibeab ng Benjamin, kasama ang aking asawang-alipin upang doon magpalipas ng gabi. ⁵ Nang gumabi, dumating ang mga taga-Gibeab at pinaligiran ang bahay sa pagtatangkang saktan kami. Talagang gusto nila akong patayin, at ginahasa ang aking asawang-alipin hanggang mamatay siya. ⁶ At kinuha ko ang aking asawa, pinagputul-putol, at ipinadala ang bawat piraso sa bawat lupain ng Israel, sapagkat isang matinding kahihiyang sa Israel ang ginawa nila. ⁷ Ngayong narito kayong lahat, mga anak ng Israel, pag-usapan ninyo at magpasya.”

⁸ Tila iisang taong tumindig ang lahat at sinabi: “Walang sinuman sa atin ang babalik sa kanyang tolda o sa kanyang bahay. ⁹ Ganito ang gagawin natin sa mga taga-Gibeab: magpapalabunutan tayo ¹⁰ at kukuha tayo sa bawat tribu ng Israel ng sampung lalaki mula sa bawat sandaan, sandaan sa bawat sanlibo, at sanlibo sa bawat sampung libo. Mangangalap sila ng mga kakailanganin ng hukbo upang parusahan ang Gibeab sa Benjamin dahil sa kahihiyang sa Israel na ginawa ng mga tagaroon.” ¹¹ Kayat nagkaisa ang lahat ng taga-Israel laban sa lunsod.

¹² Nagpadala ang mga tribu ng Israel ng mga sugo sa buong tribu ng Benjamin at sinabi sa kanila: “Anong krimen itong ginawa ninyo? ¹³Ibigay ninyo sa amin ang mga buhong na kalalakihan ng Gibeá upang mapatay namin at nang mapalis ang kasamaan sa Israel.” Ngunit hindi pinansin ng mga Benjaminita ang kanilang mga kapatid na Israelita.

¹⁴ Samantala, nilisan din ng mga Benjaminita ang kanilang mga bayan at nagtipon sa Gibeá upang harapin ang mga Israelita. ¹⁵ Nang araw na iyon, natipon ang mga Benjaminita na dumating mula sa iba-ibang lunsod: dalawampu’t anim na libong kawal na may tabak, bukod pa ang mga taga-Gibeá. ¹⁶ Kabilang sa kanila ang pitundaang magigiting na lalaking pawang kaliwete, na walang paltos na nakapagpapatama ng bato mula sa tirador sa isang hibla ng buhok.

¹⁷ Binilang din ng mga taga-Israel ang kanilang tauhan. Hindi kabilang ang Benjamin, nakatipon sila ng apatnaraang libong kawal, na pawang mandirigmang bihasang humawak ng tabak. ¹⁸ Kayat nagpunta sila sa Betel at doon ay tinanong ang Diyos: “Sino sa amin ang unang aahon upang makipaglaban sa mga Benjaminita?” At sumagot si Yawe: “Unang aahon ang Juda.”

¹⁹ Maagang gumising ang mga Israelita at nagkampo sa tapat ng Gibeá. ²⁰ Lumisan sila upang kalabanin ang Benjamin at humanay laban sa Gibeá. ²¹ Ngunit lumabas ang mga Benjaminita mula sa Gibeá at pinatay ang dalawampu’t dalawang libong Israelita.

²² At umahon ang mga Israelita at nanangis kay Yawe hanggang gabi, at tinanong si Yawe: “Lulusubin ba naming muli ang aming mga kapatid na Benjaminita?” Sumagot si Yawe: “Salakayin ninyo sila.”

²³ Kayat nanumbalik ang lakas ng loob ng bayan, ang mga taga-Israel at humanay sila muli. ²⁴ Kinabukasan, sinalakay ng mga taga-Israel ang mga Benjaminita. ²⁵ Ngunit nang araw ding iyon, lumabas ang mga Benjaminita at lumaban sa kanila at napatay ang labingwalong libong Israelitang may tabak.

²⁶ At nagpunta sa Betel ang lahat ng Israelita. Doon sila naupo at nanangis sa harapan ni Yawe. Nag-ayuno sila sa buong maghapon hanggang gumabi at nag-alay ng mga sinunog na handog at hain ng mabuting pagsasama kay Yawe. ²⁷ Sumangguni kay Yawe ang mga anak ng Israel sapagkat naroon ang Kaban ng Tipan, ²⁸ sa pag-iingat ni Pinhas na anak ni Eleazar na anak naman ni Aaron. Tinanong nila: “Sasa-

lakayin ba naming muli at labanan ang aming mga kapatid na Benjaminita o hindi na?” Sumagot si Yawe: “Sumalakay kayo bukas at ibibigay ko sila sa inyong mga kamay.”

²⁹ Naghanda ng pananambang ang mga Israelita sa paligid ng Gibeá. ³⁰ Sa ikatlong araw, nagpunta ang mga Israelita sa Gibeá at humanay, tulad sa mga nakaraang pagkakataon. ³¹ Hinarap sila ng mga Benjaminita, ngunit naharangan ng mga Israelita ang daan pabalik sa lunsod. Tulad nang dati, lumaban ang mga Benjaminita at nakapatay ng tatlungkawal sa dalawang daang umaahon sa Betel at Gibeá. ³² Kayat inisip ng mga Benjaminita: “Nalupig na naman natin sila.”

Ngunit nagpasya na ang mga Israelita sa kanilang sarili: “Umurong tayo at saka hahadlangan natin ang daan sa lunsod.” ³³ Kaya umurong ang mga taga-Israel at pumuwesto sa Baal-Tamar, samantalang dumating ang mga nananambang sa kanluran ng Gibeá. ³⁴ Kayat sampung libong kawal na pinili sa buong Israel ang sumalakay sa Gibeá. Mahigpitan ang naging labanan at hindi napansin ng mga Benjaminita ang malaking sakunang darating sa kanila. ³⁵ Nilupig ni Yawe ang Benjamin sa harap ng Israel, at nang araw na iyon, napatay ng mga Israelita ang dalawampu’t limang libong Benjaminita na pawang kawal na may tabak.

³⁶ Akala ng mga Benjaminita na nanalo sila, ngunit umurong ang mga Israelita sapagkat umasa sila sa pananambang sa Gibeá. ³⁷ Biglang naglabasan ang mga nananambang, kumalat at sinalakay ang Gibeá at pinatay sa saksak ang lahat ng nasa lunsod. ³⁸ Kaalam ng mga Israelita ang mga nananambang na magkakaroon ng maitim na usok mula sa lunsod bilang hudyat. Sa hudyat na ito, babalik ang mga Israelita upang lumaban.

³⁹ Kayat nagbalik ang mga Israelita na nagkunwaring tumakas nang makapatay ang mga Benjaminita ng tatlungkawal kalalakihan at nagpalagay: “Natalo na naman natin sila, tulad sa unang labanan.” ⁴⁰ Tumataas na ang palatandaang usok mula sa lunsod at paglingon ng mga Benjaminita nakita nilang nasusunog ang buong lunsod, at tumataas ang apoy sa kalangitan. ⁴¹ Nang harapin sila ng mga Israelita, nangatal ang mga Benjaminita sa harap ng dumarating na kasawian. ⁴² Umurong sila at tumakas patungo sa disyerto. Ngunit inabutan sila ng mga Israelita na lumabas mula sa lunsod at pinatay sila. ⁴³ Pinaligiran ng mga Israelita ang mga Benjaminita at walang-humpay na hinabol ang mga ito at pinatay sa tapat ng Gibeá sa silangan.

⁴⁴Labingwalong libong Benjaminita ang napatay, na pawang magigiting na kawal. ⁴⁵Umu-rong ang mga naiwan at tumakas patungo sa ilang ng Bundok ng Rimon. Gayunman, limang libo rin ang napatay sa mga daan. Hinabol sila ng mga Israelita hanggang sa Gideon at napatay sila ng dalawang libo.

⁴⁶Nang araw na iyon, namatay ang dalawampu't limang libong kawal na Benjaminita, pawang magigiting na kawal na may tabak. ⁴⁷Sa mga tumakas sa ilang ng Bundok ng Rimon, animnaraan ang nakaligtas. Nanatili sila roon nang apat na buwan. ⁴⁸Sumalakay ang mga kawal ng Israel sa mga bayan ng Benjamin at pinatay ang lahat ng naroon, hindi lamang ang mga taong-bayan kundi pati na rin ang mga hayop at lahat ng makita nila. Sinunog din nila ang lahat ng bayan na matagpuan nila.

21 ¹Sumumpa ang mga Israelita sa Mizpa: “Walang sinuman sa ating magpapakasal ng kanyang anak na dalaga sa isang Benjaminita.”

²Nagpunta ang bayan sa Betel. Naupo sila sa harapan ni Yawe hanggang gumabi, tinawag siya at nanangis nang buong-lumbay.

³Sinabi nila: “Yawe, Diyos ng Israel, bakit nangyari sa Israel ang ganitong kasawian, na nalipol ang isa sa mga tribu sa araw na ito?”

⁴Kinabukasan, maagang gumising ang mga tao at gumawa sila ng altar doon at nag-alay ng mga sinunog na handog at mga hain ng mabuting pagsasama. ⁵At tinanong ng mga Israelita: “Sino sa mga tribu ng Israel ang hindi dumalo sa kapulungan ni Yawe?” Sapagkat mataimtim nilang isinumpa na mamamatay ang sinumang hindi dumating sa Mizpa sa harapan ni Yawe.

⁶Nahabag ang mga Israelita sa kanilang mga kapatid na Benjaminita at sinabi: “Sa araw na ito naputol ang isang tribu ng Israel. ⁷Ano ang ating gagawin upang magkaroon ng asawa ang mga natira, sapagkat isinumpa natin kay Yawe na hindi natin ipakakasal ang ating mga anak na dalaga sa kanila?”

⁸Kayat tinanong nila: “May tribu ba ng Israel na hindi dumating sa Mizpa sa harapan ni Yawe?” At natuklasan nilang walang sinuman sa Yabes ng Galaad ang dumating sa kampong pinagdausan ng kapulungan. ⁹Gumawa sila ng senso at napatunayang walang dumalo mula sa Yabes ng Galaad.

¹⁰At nagpadala ang pamayanan ng labin-dalawang libong matatapang na kawal na inatasan: “Salakayin ninyo ang mga taga-Yabes sa

Galaad, at patayin sila sa saksak, pati ang mga babae at bata. ¹¹Ito ang inyong gagawin: patayin ang bawat lalaki at bawat babae na nagkaroon ng pakikipag-ugnayan sa lalaki, ngunit bayaang mabuhay ang mga dalaga.” ¹²At gayon nga ang kanilang ginawa. Nakakita sila ng apatnaraang dalaga sa mga taga-Yabes ng Galaad (na hindi pa nagkakaroon ng kaugnayan sa lalaki), at dinala ang mga iyon sa kampo sa Silo sa lupain ng Kanaan.

¹³At nagpadala ng mga sugo ang kapulungan sa mga Benjaminitang nasa Bundok ng Rimon upang makipagkasundo, ¹⁴at nagbalik ang mga Benjaminita. Ibinigay sa kanila ng mga Israelita ang mga babae ng Yabes ng Galaad na hindi pinatay, ngunit kulang ang mga ito para sa kanilang lahat.

¹⁵Nahabag ang bayan sa mga Benjaminita sapagkat pinabayaan ni Yawe na malipol ang isa sa tribu ng Israel. ¹⁶Kayat sinabi ng mga matatanda sa pamayanan: “Ano'ng magagawa natin upang mabigyan ng asawa ang mga natira, sapagkat pinatay din ang mga kababaihan ng Benjamin?” ¹⁷At idinagdag nila: “Paano maililigtas ang isang nalabi sa Benjamin upang hindi malipol ang alinmang tribu ng Israel? Hindi natin maibibigay sa kanila ang ating mga anak na dalaga sapagkat nagsabi tayo: ‘Sumpain ang sinumang magbigay ng asawa sa isang Benjaminita!’”

¹⁹Ngunit sinabi nila: “Ngayon ang kapis-tahan ni Yawe na ipinagdiriwang taun-taon sa Silo, sa hilaga ng Betel, sa silangan ng daang patungo sa Sikem, at timog ng Lebona.” ²⁰Kayat pinayuhan nila ang mga Benjaminita: “Humayo kayo at manambang sa mga ubasan. ²¹Maging handa kayo at kapag dumating na sumasayaw at pangkat-pangkat ang mga dalaga ng Silo, magsisilabas kayo at aagawin ng bawat isa ang isang mapapangasawa at tatakas kayo sa lupain ng Benjamin.

²²Kapag dumating ang kanilang mga ama o kapatid na lalaki upang tumutol, sasabihin namin sa kanila: ‘Unawain naman ninyo sila; nakita naman ninyo na pagkatapos ng digmaan, wala nang paraan pa upang mabigyan ang bawat isa sa kanila ng asawa. Hindi naman kayo ang nagbigay sa kanila ng kanilang asawa, kayat hindi ninyo sinira ang inyong panata.’”

²³Kayat tinangay nga ng mga Benjaminita ang mga dalagang kailangan nila. At umalis na sila at bumalik sa lupaing kanilang namana, muling itinayo ang kanilang mga bayan at nani-raham doon.

MGA HUKOM 21

376

²⁴Umalis ang mga Israelita at umuwi ang bawat isa sa kanyang bahay, sa kanyang tribu at pamilya. Nagbalik sila sa sariling pamana.

²⁵Nang panahong iyon, walang hari sa Israel at ginawa ng bawat isa ang sa palagay niya'y mabuti.